**PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO**
*(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)*
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 7255-7483 | E-mail: pssponline@gmail.com
Website: www.pssp.org.ph
pssponline

DepEd-SDO of Bulacan Office of the SDS
RECEIVED
NOV 21 2022
By:
Time:

Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF EDUCATION
Schools Division Office of Bulacan
ADVISORY
No. 042, S. 2022
To: ☐ PUBLIC ☐ PRIVATE ☐ PSDS
☐ Elementary ☐ Junior High School ☐ Senior High School
☐ Elementary School Principals/School Heads
☐ Secondary School Principals/School Heads
For information.
ROWENA T. QUIAMBAO, CESE
Assistant Schools Division Superintendent
OIC Office of the School Division Superintendent

**LUPON NG MGA KADIWA**
*(BOARD OF TRUSTEES)*
**2022-2023**

*Pangulo*
**Jayson D. Petras**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

*Pangalawang Pangulo*
**Miriam Aquino-Malabanan**
Lyceum of the Philippines University-Batangas

*Kalihim*
**Danielle P. Ochoa**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

*Ingat-Yaman*
**Henmar C. Cardiño**
Unibersidad ng Santo Tomas

*Mga Kasapi*

**Maryanne A. Abog**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman/ Komisyon sa Karapatang Pantao

**Hadji A. Balajadia**
Pamantasang Ateneo de Davao

**Ricardo A. Clores**
Pamantasang De La Salle

**Roberto E. Javier, Jr.**
Pamantasang De La Salle

**Argel B. Masanda**
Central Luzon State University

**Eda Lou I. Ochangco**
Far Eastern University

**Alicia Q. Tablizo**
Our Lady of Fatima University-Antipolo

**Jay A. Yacat**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

*Ex-Officio*
**Jose Antonio R. Clemente**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

**Glenmark B. Villanueva**
Pangulo, TATSULOK

*Sekretaryat*
**Kenneth Carlo L. Rives**
**Maristela F. Talampas**

*Pangulong Tagapagtatag*
**Virgilio G. Enriquez (+)**
Ama ng Sikolohiyang Pilipino

Ika-28 ng Oktubre 2022

__________________
__________________
__________________
__________________

Mahal na _____________:

Isang mainit na pagbati!

Taon-taon, nagtataguyod ng Pambansang Kumperensiya ang Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP), isang panlipunan at propesyonal na organisasyong itinatag noong 1975 na may misyong palaganapin ang Sikolohiyang Pilipino (SP) sa iba't ibang sektor ng lipunan bilang isang interdisiplinaryo at maka-Pilipinong pananaw at pamamaraan.

Katuwang ang **Pamantasang Ateneo de Davao**, isasagawa ng PSSP ang ika-46 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino na may temang **"SP bilang Mapagpabagong-Isip."** Gaganapin ito sa paraang *online* sa **24-26 Nobyembre 2022.**

Layunin ng kumperensiya ang sumusunod: 1. Matalakay ang mga karanasan, hamon, at paggigiit ng katotohanan sa iba't ibang larangan (akademya, politika, kulturang popular, atbp.); 2. Masuri ng kahulugan at kahalagahan ng SP bilang sikolohiya ng pagbabagong-isip tungo sa pagtataguyod ng katotohanan sa kontekstong Pilipino; 3. magtampok ng mga bagong pananaliksik sa kultura, lipunan at sikolohiyang Pilipino; at 4. magbahagi ng mga kaalaman at kasanayan sa Sikolohiyang Pilipino.

Kaugnay nito, nais naming anyayahan ang inyong mga kaguruan, kawani, at mag-aaral na dumalo sa nabanggit na kumperensiya. Ang bayad sa pagdalo ay ang sumusunod:

- **Php600** (Kasaping Panghabambuhay ng PSSP; Kasaping Propesyonal ng PSSP na bayad ng membership fee sa taong 2022; Tagapaglahad ng Papel)
- **Php700** (Di-Kasapi ng PSSP; Kasaping Propesyonal ng PSSP sa mga nakaraang taon pero HINDI bayad ng membership fee sa taong 2022)
- **Php1,600** (May kasamang membership sa PSSP sa taong 2023; Kailangang sagutan ang Online Membership Form: http://bit.ly/psspmembershipform)

**CPD Units: RPsy, RPm (3); RGC, RSW (8); LPT (5)*

PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA SIKOLOHIYANG PILIPINO

INIHAHANDOG NG
PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO
AT PAMANTASANG ATENEO DE DAVAO

Center for Educational Measurement, Inc
THE TEST OF EXCELLENCE

**CPD Units**
RPm & RPsy: 3
RGC & RSW: 8
LPT: 5

# NOB 24-26 2022

# SP BILANG MAPAGPABAGONG-ISIP

**PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO**
*(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)*
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 7255-7483 | E-mail: pssponline@gmail.com
Website: www.pssp.org.ph
pssponline

## TENTATIBONG PROGRAMA
## Ika-46 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino
## "SP bilang Mapagpabagong-Isip"
## 24-26 Nobyembre 2022

**Inihahandog ng**
**Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino**
**at Pamantasang Ateneo de Davao**

| 24 Nobyembre 2022 (Huwebes) | |
|---|---|
| 8:30-9:00 n.u. | Pambungad na Programa<br>• Pambansang Awit<br>• Ritwal<br>• Pambungad na Pananalita (Dr. Jayson D. Petras & Fr. Joel E. Tabora, SJ/Dr. Gail Tan-Ilagan)<br>• Pagpapaliwanag ng Layunin ng Kumperensiya at Pagpapakilala sa mga Kahalok (Prop. Miriam Aquino-Malabanan) |
| 9:00-10:15 n.u. | Unang Plenaryong Sesyon: Pangunahing Pananalita<br><br>Kasaysayan at Katotohanan<br>*Prop. Emeritus Ma. Luisa T. Camagay, PhD*<br>*Departamento ng Kasaysayan*<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman* |
| 10:25-11:55 n.u. | Unang Sabayang Sesyon *(Tingnan ang pahina 5)*<br>• 1A-Patuloy na mga Hamon ng Pandemya<br>• 1B-Sikolohiyang Pampolitika<br>• 1C-Paghubog ng Midya sa Panlipunang Kamalayan<br>• 1D-Mga Pag-saral sa Sikolohiya ng Klinika at Counseling<br>• 1E-Pag-unawa sa mga Karanasan at mga Salik Nito<br>• 1F-Symposium: Mga Hamon at Direksiyon sa Pagsasakatutubo at Pagdedekolonisa ng Sikolohiya sa Pilipinas |
| 12:00-12:30 n.t. | Pulong ng Kasapian |
| 25 Nobyembre 2022 (Biyernes) | |
| 8:30-8:45 n.u. | Ritwal |
| 8:45-10:00 n.u. | Ikalawang Plenaryong Sesyon<br><br>Parallel Public Spheres: Ang Estado ng Philippine Disinformation Landscape sa Taong 2022<br>*Assoc. Prof. Jonathan Corpus Ong, PhD*<br>*Department of Communication*<br>*University of Massachusetts Amherst* |
| 10:10-11:40 n.u. | Ikalawang Sabayang Sesyon *(Tingnan ang pahina 6)*<br>• 2A-Sikososyal na Suporta sa Komunidad<br>• 2B-Pagbabalangkas sa Edukasyon<br>• 2C-Wika<br>• 2D-Pagpapalawak a Pagpapalalim ng mga Konsepto sa SP<br>• 2E-Mga Karanasan at Pagpapakahulugan sa Kasarian<br>• 2F-Symposium: Diskurso, Praktika, at Politika ng Kahulugan at Katauhan sa Salimbayan ng Sikolohiyang Pilipino at Araling Pangmidya |

| 26 Nobyembre 2022 (Sabado) | |
|---|---|
| 8:30-8:45 n.u. | Ritwal |
| 8:45-10:00 n.u. | Ikatlong Plenaryong Sesyon<br><br>Sikolohiyang Mapagpalaya sa Politikal na Disimpormasyon<br>*Asst. Prof. Diwa Malaya Quiñones, PhD*<br>*Departamento ng Sikolohiya*<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman* |
| 10:10-11:40 n.u. | Ikatlong Sabayang Sesyon *(Tingnan ang pahina 7)*<br>• 3A-Kultura at Identidad<br>• 3B-Mga Hamon sa Edukasyon<br>• 3C-Kaligtasan at Kaginhawahan<br>• 3D-Relihiyon at Espiritwalidad<br>• 3E-Symposium: Mga Kwalitatibong Pananaliksik sa Sikolohiya ng Habambuhay na Pag-Unlad<br>• 3F-Symposium: Ang Paggamit ng mga Katutubong Metodo ng Pananaliksik sa mga Sikolohikal na Lathalain: Isang Scoping Review |
| 11:50-12:30 n.t. | Pangwakas na Programa<br>• Presentasyong Kultural<br>• Pasasalamat at Pangwakas na Pananalita (Dr. Jayson D. Petras & Dr. Gail Tan-Ilagan)<br>• Ritwal ng Pagtatapos<br>• Posttest at Pagtatasa ng Kumperensiya |

**Kasaysayan at Katotohanan**

Prop. Emeritus Ma. Luisa T. Camagay, PhD
*Departamento ng Kasaysayan*
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*

Layon ng papel na ipaliwanag ang tinatawag na historical method sa disiplina ng Kasaysayan. Hangad ng disiplina ng Kasaysayan ang katotohanan na may maliit na titik at hindi ang Katotohanan na may malaking titik. Ibig sabihin nito na ang mga interpretasyon hinggil sa nakalipas na panahon ay nakasandig sa mga labi o evidences of the past na ginagamit ng historyador. Evidence-based ang disiplina ng Kasaysayan kaya mahalagang suriin kung ang mga labi ng nakaraan ay awtentiko at hindi huwad. Ito ang tinatawag na external criticism ng historical method. Kung nasuring awtentiko ang labi o sources of the past, aalamin kung mapagkakatiwalaan ang nilalaman ng historical source. Tawag dito ay internal criticism ng historical method. Oras na dumaan ang historical evidences sa dalawang nabanggit na paraan, saka lamang makabubuo ang historyador ng isang interpretasyon na siyang magsisilbing katotohanan hinggil sa isang tao, lugar, o pangyayari. Sa Ingles, tinatawag ang katotohanang ito na provisional truth.

Makikita sa paraan na ito kung gaano kaingat ang historyador na magbigay ng kaniyang interpretasyon hinggil sa nakaraan. Sa ganitong metodo ng Kasaysayan, hindi masasabi na ang disiplina ng Kasaysayan ay tsismis. Hindi rin maaaring magbigay ng interpretasyon nang walang pruweba at lalong hindi maaaring mag-imbento ng ebidensiya.

*Pagpapakilala sa Tagapagpagsalita*



Si Dr. Ma. Luisa T. Camagay ay kasalukuyang Professor Emeritus sa Departamento ng Kasaysayan, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Kabilang sa kaniyang mga interes sa pananaliksik ay Kasaysayang Panlipunan, Aralin at Kasaysayan ng Kababaihan, at Araling may kaugnayan sa Rebolusyong Pilipino. Siya ay may-akda ng mga aklat na nagwagi ng mga pagkilala katulad ng Working Women of Manila in the 19th Century at Kasaysayang Panlipunan ng Maynila 1765-1898. Noong 2006, iginawad sa kaniya ng pamahalaang Pranses ang parangal na Chevalier de Palmes Academiques at noong 2013 ay kinilala naman siya bilang Natatanging Guro sa UP Gawad Tsanselor.

**Parallel Public Spheres: Ang Estado ng Philippine Disinformation Landscape sa Taong 2022**

Assoc. Prof. Jonathan Corpus Ong, PhD
*Department of Communication*
*University of Massachusetts Amherst*

May mahalagang papel ang "public sphere" sa ating buhay bilang isang demokratikong bansa. Ang "public sphere" ay tumutukoy sa espasyo kung saan nagtitipon o nagtatagpo-tagpo ang mga tao upang magpalitan ng mga kuro-kuro, makinig sa ibang opinyon, at sama-samang solusyunan ang mga problema. Ngunit ano kaya ang mangyayari kung magkaroon ng pagkakahati-hati sa espasyong ito? Ano kaya ang mangyayari kapag hindi na natin kayang pakinggan ang ibang may kasulangat na opinyon sa atin? Ang ibinubunga ng sitwasyong ito ay ang "parallel public spheres," o ang pagkakaroon ng magkakaiba at napakaradikal na information ecosystem na na nagtataglay ng nagtatalabang pananaw at paninindigan sa mga isyu, pati na rin sa paggamit ng reference at source. Tatalakayin dito ang mga panibagong paraan ng "influence operations" sa Pilipinas na nagpalalim sa mga hidwaan ng mga magkakaibigan at magkakapamilya, at pagtindi ng "cancel culture" sa social media. Bilang kongklusyon, nais niyang ipagpatuloy ang pagsusuri sa media at teknolohiya mula sa kritikal na perspektibo, kilalanin ang kakayahan ng ordinaryong Filipinong botante na makilahok sa mga pampublikong talakayan, at pag-usapan ang kaugnayan ng kapangyarihan at ekonomiyang politikal sa influence operations.

*Pagpapakilala sa Tagapagpagsalita*



Si Jonathan Corpus Ong (PhD, University of Cambridge) ay Kawaksing Propesor ng Global Digital Media sa University of Massachusetts -Amherst. Siya ay nakapaglathala ng tatlong libro at mahigit 25 journal articles sa larangan ng global media ethics, digital politics, at anthropology of humanitarianism. Isa siyang Research Fellow sa Harvard University's Shorenstein Center. Kamakailan ay napili siya bilang isa sa 28 Andrew Carnegie Fellows (2022-2024). Bilang isang media analyst at commentator, ang kaniyang "disinformation whistleblowers podcast" na Catch Me If You Can, na kasalukuyang nasa ikalawang season, ay nasa Top 6 ng pangkalahatang chart ng Pilipinas.

**Sikolohiyang Mapagpalaya sa Politikal na Disimpormasyon**

Asst. Prof. Diwa Malaya Quiñones, PhD
*Departamento ng Sikolohiya*
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*

Tatalakayin sa plenaryong ito ang isyu ng paglaganap ng mga maling impormasyong may kaugnayan sa politika sa bansa. Sisimulan ang paglalahad sa paglalarawan ng ekosistem ng impormasyon at komunikasyon na siyang nagiging konteksto ng paglaganap ng malawakang infodemic at/o information disorder. Sa pamamagitan ng sinasabing intensyunal na manipulasyon ng ekosistem na ito ng iilang may kapangyarihan para sa kanilang sariling kapakanan, nahahagip at nalulunod sa daluyong ng mga maling politikal na impormasyon ang marami sa mga Pilipino. Nagkakaroon ng sariling buhay at anyo ang disimpormasyon sa danas nito ng mga mamamayan at nagiging bahagi ng kanilang mga pinaniniwalaan at pinaninindigan. Katapat ng mga totoong impormasyong pinanghahawakan at ipinaglalaban ng iba pang grupo at indibidwal, nagdudulot ito ng mapanghating pakikipagtunguhan sa kapwa at tunggalian sa lipunan.

Sapagkat ang ganitong sitwasyon ay hinaharap din ng marami pang mga bansa, marami na ring inisyatibo at pananaliksik tungkol dito. Sunod kong ilalahad ang aking panimulang rebyu ng literatura dito. Partikular na tututukan ko ang paglalagom ng mga kadahilanan kung bakit at paanong lumalaganap ang mga politikal na kasinungalingan, gayon din ang mga pamamaraang sinubukan na upang sugpuin ang pagkalat ng mga ito. Kritikal na tatasahin rin ang mga ito batay sa kaangkupan sa konteksto ng sikolohiyang Pilipino. Hangad kong makapagbibigay gabay ang plenaryong ito sa kapwa Pilipino sa patuloy na paikikipaglaban para sa liwanag ng katotohanan.

*Pagpapakilala sa Tagapagpagsalita*



Si Asst. Prof. Diwa Malaya Quiñones ay bahagi ng kaguruan ng Departamento ng Sikolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Siya ay nagtuturo ng mga kurso sa social at political psychology sa di-gradwado at gradwadong lebel. Patuloy din siyang nananaliksik sa mga larangang ito. Ilan sa kaniyang kasalukuyang sinusulat na mga pag-aaral ay tumitingin sa mga sikolohikal na salik ng pagsuporta kay Rodrigo Duterte noong presidente pa ito, gayon din ang mga sikolhikal na paliwanag sa pagboto sa mga naging kandidato sa pagkapangulo noong nagdaang pambansang halalan.

Nagtapos siya ng kaniyang PhD sa Psychology na may konsentrasyon sa Social Psychology sa UP Diliman. Ang kaniyang disertasyon ay tungkol sa sikolohikal na pinagmumulan ng iba't ibang klase ng sibiko at politikal na pakikilahok. Dumalo siya sa mga internasyunal na summer school sa political psychology na inorganisa ng Asian Association of Social Psychology at Society of Australasian Social Psychologists. Kasalukuyan niyang pinamumunuan ang Ethics Review Board ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, UP Diliman.

**UNANG SABAYANG SESYON**
**24 NOBYEMBRE 2022 (HUWEBES)**
**10:25-11:55 N.U.**

| 1A-PATULOY NA MGA HAMON NG PANDEMYA | 1B-SIKOLOHIYANG PAMPOLITIKA | 1C-PAGHUBOG NG MIDYA SA PANLIPUNANG KAMALAYAN | 1D-MGA PAG-AARAL SA SIKOLOHIYA NG KLINIKA AT COUNSELING | 1E-PAG-UNAWA SA MGA KARANASAN AT MGA SALIK NITO | 1F-SYMPOSIUM: MGA HAMON AT DIREKSIYON SA PAGSASAKATUTUBO AT PAGDEDEKOLONISA NG SIKOLOHIYA SA PILIPINAS |
|---|---|---|---|---|---|
| Tagapagpadaloy: Eda Lou I. Ochangco | Tagapagpadaloy: Homer J. Yabut | Tagapagpadaloy: Sam Aquino Jr. | Tagapagpadaloy: Maryanne A. Abog | Tagapagpadaloy: Junix Jerald I. Delos Santos | Convenor: Jay A. Yacat |
| **Pagsisiyasat sa mga Hamong Kinaharap ng Mag-aaral na Kumuha ng Pagtatayang Online sa CEM: Batayan sa Pagpapaunlad ng Pagtatayang Online**<br>Rosario P. Faylona at Manilyn R. Reyes<br>*Center for Educational Measurement Inc.*<br><br>**Dalaw: Ang Pagiging Taga-labas ng mga Magulang sa Kanilang mga Anak na nasa Bahay Pag-asa Noong Panahon ng COVID-19**<br>Justin Francis Leon V. Nicolas<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br>Kristine Analiza P. De Vera<br>*Bulacan State University*<br><br>**Sosyal at Politikal na Dinamiko ng Anti-Trapiking na mga Aktor sa Pilipinas sa Panahon ng COVID-19 Pandemya**<br>Andy C. Alegre<br>*Pamantasang De La Salle* | **Ang Apat na Anyo ng Pulitikal na Pakikilahok ng mga Pilipino sa mga Online na Espasyo**<br>Francis Simonh M. Bries<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Paglinang ng Democratic Citizenship, Political Values at Filipino Social Identification sa Eleksyon sa Pilipinas at Higit pa**<br>Homer J. Yabut<br>*Pamantasang De La Salle*<br>Diwa Malaya A. Quiñones<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br>Darren E. Dumaop<br>*Pamantasang De La Salle*<br>Jeremiah Paul C. Silvestre<br>*Unibersidad ng Pilipinas Baguio*<br>Anne Claire Simpao<br>*Pamantasang De La Salle*<br><br>**Ang Lider bilang Lunan ng Ginhawa sa Sikolohiyang Pilipinong Pampulitika: Isang Pagbubulaybulay**<br>Roland A. Macawili<br>*Batangas State University* | **Ang Pamilyang Pilipino sa mga Batayang Aklat: Isang Pagsusuri sa mga Batayang Aklat sa Araling Panlipunan 1 bilang Kasangkapan ng Hegemonya sa Pagbuo ng Pagkakakilanlan ng Pamilyang Pilipino**<br>Emerson I. Agra<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Sa Pagitan ng mga Haves at Have-nots: Ang Imbensyon ng Global at Local Digital Divides sa Panahon ng Imperyalismong Amerikano**<br>Gwyneth Marie M. Vasquez<br>*Pamantasang Ateneo de Davao*<br><br>**Pagsipat sa Cinema ng Third World "The Revolution Will Not Be Televised at Vantage Point": Gahum ng Midya sa Politika**<br>Rommel V. Espejo at Marianne R. De Vera<br>*Nueva Ecija University of Science and Technology* | **Stigma sa Sarili Bilang Tagapamagitan sa Ugnayan ng mga Masasamang Karanasan Noong Kabataan at Panganib na Pagkalulong Muli sa Ipinagbabawal na Gamot ng mga Lalake sa Loob ng Residesiyal Rehabilitation Centers**<br>Erika Mae Pauline A. Goopio, Ma. Jorella L. Magno, at Ann Venice M. Velarde<br>*National University*<br><br>**Mga Landas Tungo sa Paglunas mula sa mga "Symbolic Wound"**<br>Liezl Rillera-Astudillo<br>*De La Salle University Integrated School*<br><br>**Post-Traumatic Growth sa Panahon ng Pandemya**<br>Neiley P. Satumira<br>*San Beda University-Manila*<br><br>**Panukat ng Depresyon para sa mga Pilipinong Mag aaral sa Kolehiyo: Ang Pagbuo at Pagpapatunay nito**<br>Jo-Ann E. Porillo<br>*Lyceum of the Philippines University at Unibersidad ng Santo Tomas*<br>Joy R. Tungol<br>*Unibersidad ng Santo Tomas* | **Taga-bayad Utang: Isang Penomenolohiya na Pag-aaral ukol sa Kanilang Pananaw, Tungkulin, at Karanasan**<br>Mary Andrea Z. Dayao, Jacob De Guzman, Anton Miguel J. Perez, Hans Furgen F. Go, at Paola Katherina M. Gonzales<br>*Information Technology and Communications Academy (iACADEMY)*<br><br>**Ang Mga Karanasan ng mga Panganay sa Pagtanaw ng Utang na Loob sa Pamilya**<br>Lois L. Polvoriza, Bianca C. Baculi, Jona Mae Q. Garapo, at Junix Jerald I. Delos Santos<br>*Unibersidad ng Baguio*<br><br>**Pagtahak sa Dalawang Landas: Isang Pananaliksik sa Buhay-Karanasan ng *Biracial Filipinos***<br>Joon Shin E. Amangan, Armi Grace B. Desingaño, at Alyssa Mari A. Reyes<br>*Cavite State University* | **Pagsasakatutubo at Pagdekolonisa ng Sikolohiya ng Pag-unlad: Panimulang Pagsusuri**<br>Danielle P. Ochoa<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Ilang Pagmumuni-muni Bilang Tugon sa Hamon ng Pagsasakatutubo ng mga Panukat sa Sikolohiya**<br>Marie Rose H. Morales<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Pagsasakatutubo at Pagdekolonisa ng Sikolohiya ng Pag-unlad: Panimulang Pagsusuri**<br>Divine Love A. Salvador<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman* |

## IKALAWANG SABAYANG SESYON
**25 NOBYEMBRE 2022 (BIYERNES)**
**10:10-11:40 N.U.**

| 2A-SIKOSOSYAL NA SUPORTA SA KOMUNIDAD | 2B-PAGBABALANGKAS SA EDUKASYON | 2C-WIKA | 2D-PAGPAPALAWAK AT PAGPAPALALIM NG MGA KONSEPTO SA SP | 2E-MGA KARANASAN AT PAGPAPAKAHULUGAN SA KASARIAN | 2F-SYMPOSIUM: DISKURSO, PRAKTIKA, AT POLITIKA NG KAHULUGAN AT KATAUHAN SA SALIMBAYAN NG SIKOLOHIYANG PILIPINO AT ARALING PANGMIDYA |
|---|---|---|---|---|---|
| Tagapagpadaloy: Henmar C. Cardiño | Tagapagpadaloy: Marie Joyce Victolero-Tupas | Tagapagpadaloy: Jayson D. Petras | Tagapagpadaloy: Danielle P. Ochoa | Tagapagpadaloy: Beatriz A. Torre | Convenor: Alwin C. Aguirre |
| **Pamamaraang Pinoy: Adbokasiya para sa maka-Pilipinong Pamamaraan sa Pagbibigay ng Tulong-Psycho-social sa Panahon ng Sakuna**<br>Arnold B. Lumbao<br>*Pamantasang Ateneo de Manila*<br><br>**Mga Karanasan sa Magnitude 7 na Lindol sa Isla ng Luzon: Case for Analysis and Psychosocial Support Program**<br>Henmar C. Cardiño<br>*Unibersidad ng Santo Tomas*<br>Jigo Rafael C. Catamio<br>*National University*<br>Renato D. Jose<br>*Four N Properties LLC - Company*<br>Darwin D. Diola<br>*National University*<br>Erwin B. Sario<br>*Manila Jockey Club, Inc.*<br>John Mark S. Distor<br>*Polytechnic University of the Philippines*<br><br>**Pag-aalaga sa Panahon ng Patayan: Mga Salaysay ng mga *Community Volunteer* sa Pangangalaga ng mga Batang Inulila ng *Drug War* sa Pilipinas**<br>Jay Mark S. Cabrera, Mara Patricia Y. de Guzman, at Mira Alexis P. Ofreneo<br>*Pamantasang Ateneo de Manila* | **Ang Pagpopook ng Sikolohiyang Pilipino sa General Education Curriculum**<br>Ariel U. Bosque<br>*Rizal Technological University*<br><br>**Estadong Henerasyonal at Akademikong Katagumpayan ng mga Estudyante sa Kolehiyo sa Ilocos Norte**<br>Christine Joy C. Lim<br>*Mariano Marcos State University at Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Sa Labas ng Classroom: Mga Kontribusyon ng Podcast sa Konsepto ng mga Tagapakinig tungkol sa Kalusugang Pangkaisipan**<br>Myra G. Gahid<br>*Psychstart Psychological, Academic and Art Services*<br><br>**Paglikha ng Dokumentaryo: Isang Mapaglayang Karanasan sa Hamon ng Edukasyon**<br>Michle M. Celeste<br>*Iloilo State College of Fisheries (ISCOF)-Main Campus* | **Pagsusuri at Klasipikasyon ng Kasarian ng mga Nominal na Salita sa Filipino**<br>Nina Christina Lazaro-Zamora at Adonis David<br>*Pamantasang Normal ng Pilipinas*<br><br>**Wikang Filipino, Malay, at Bahasa Indonesia: Masuring Paghahambing ng mga Totoo at Hindi Totoong Kogneyt**<br>Charles Andre F. Nieves, Virgion H. Mamonong, at Christopher Baldonado<br>*University of the Immaculate Conception*<br><br>**Ang Semantic Frame ng Buot: Paggamit ng Semantikong Pagsusuri sa Pagtuklas ng mga Konseptong Pangkultura mula sa Wika**<br>Janus Cabazares<br>*Unibersidad ng Pilipinas Mindanao* | **Kapwa Kalikasan: Isang Pagpapalawig sa Konsepto ng Kapwa**<br>Ron R. Resurreccion<br>*Pamantasang De La Salle*<br><br>**Paghuhulma: Panuntunan sa Isang Masinop at Maka-sgham na Pagtugon sa Usaping Bayan**<br>Crisanto Q. Regadio Jr.<br>*Pamantasang De La Salle*<br><br>**Ka-ugnay at Ka-isa sa Ginhawa: Konseptwal na Pagsusuri sa Therapeutic Alliance Gamit ang Pagdadala at Shared Reality Models**<br>John Robert C. Rilveria<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Pagpapaka-ama: Isang Pagsusuri sa Filipino Single Fatherhood Gamit ang Pagdadala Model**<br>Maverick Tyrone B. Cai, Pauline R. Dulos, Donnabel T. Escabarte, Shanisse Kelsey Dawn C. Hernan, Tricia Marie C. Lepaopao, Sibyl Pearl L. Librea, Jan Kresler P. Magtibay, April Dawn Roselle B. Rubia, at Gecelle Grace Galenzoga-Diez<br>*San Pedro College* | **Ang Kategorya ay Drag Realness: Ang Isinabuhay na Karanasan ng mga Pilipinong Drag Queen**<br>Nigel Ryle Z. Penales<br>*Pamantasang Normal ng Pilipinas*<br><br>**"Gusto Ko Lang Gumalaw Nang Malaya": Pagpapakahulugan ng mga Pilipinong LGBTQ+ sa Pagsasarili sa Katawan (Bodily Autonomy)**<br>Beatriz A. Torre, Marby Villaceran, Sabrina Gacad, at Amos Manlangit<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Ang Teleserye ng Totoong Buhay at ang Buhay ng Totoong Teleserye: Pagsipat sa Gahum ng Kababaihan sa Teleseryeng Wild Flower**<br>Marianne R. De Vera at Rommel V. Espejo<br>*Nueva Ecija University of Science and Technology* | **Midya bilang Talaytayang Afektibo-Diskursibo: Ang Diskurso ng "Dalamhati" sa Kaso ng mga Filipinang Domestic Helper sa Hong Kong, sa Bintanang Kanilang Nililinis, at sa Kanilang Pagkamatay**<br>Alwin C. Aguirre<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Sa Anggulo ng Balita: Panimulang Pagsusuri sa Diskurso ng Katatagan sa Broadcast News Media**<br>Ma. Ivy A. Claudio<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**"Panonood" bilang Panimulang Konsepto sa Pag-aaral ng mga Pilipinong Manonood**<br>Cherish Aileen A. Brillon<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman* |

## IKATLONG SABAYANG SESYON

**26 NOBYEMBRE 2022 (SABADO)**
**10:10-11:40 N.U.**

| 3A-KULTURA AT IDENTIDAD | 3B-MGA HAMON SA EDUKASYON | 3C-KALIGTASAN AT KAGINHAWAHAN | 3D-RELIHIYON AT ESPIRITWALIDAD | 3E-SYMPOSIUM: MGA KWALITATIBONG PANANALIKSIK SA SIKOLOHIYA NG HABAMBUHAY NA PAG-UNLAD | 3F-SYMPOSIUM: ANG PAGGAMIT NG MGA KATUTUBONG METODO NG PANANALIKSIK SA MGA SIKOLOHIKAL NA LATHALAIN: ISANG SCOPING REVIEW |
|---|---|---|---|---|---|
| Tagapagpadaloy: Jayson D. Petras | Tagapagpadaloy: Henmar C. Cardiño | Tagapagpadaloy: Maryanne A. Abog | Tagapagpadaloy: Darren E. Dumaop | Convenor: Danielle P. Ochoa | Convenor: Jay A. Yacat |
| **Identidad Nangibabaw sa Tatlong Sayaw**<br>Rommel V. Espejo<br>*Nueva Ecija University of Science and Technology*<br><br>**Ang Pagkakakilanlan ng Tausug at ang Mapagbukod na Karakter ng Pagkapilipino**<br>Sterling V. Herrera Shaw<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Ang Talinhaga ng Kolektibong Hindi-Malay ng mga Pilipino: Isang Diskursibing Sikoanalitik na Pagbasa sa Mga Alamat at Mito ni Bernardo Carpio**<br>Gabriel C. Pascua at Jonathan Robert A. Ilagan<br>*Pamantasang Ateneo de Manila* | **Edu-Aksyon. Ang Distansya ng mga Mahihirap sa Distance Learning sa Panahon ng Pandemya**<br>Catherine C. Cocabo at Billy N. De Guzman<br>*Unibersidad ng Santo Tomas*<br><br>**Ground Zero: Ang Mga Ano at Bakit ng mga Mag-aaral ng UP Clark sa Panahon ng Pandemya**<br>Rosanne G. Echivarre, Eden H. Terol, Cristabel F. Tiangco, Bryan Q. Engay, at Rosanne Bernad<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Kwento at Naratibo ng mga Estudyanteng Correspondence ng PUP**<br>Lorraine Charmayne S. Manansala, Rimando E. Felicia, Airavie Austria, at Maria Corazon Constantino<br>*Polytechnic University of the Philippines* | **Baguio Bilang Ligtas na Lungsod: Mga Pananaw ng mga Residente sa Krimen at Kaligtasan**<br>Rozel S. Balmores-Paulino<br>*Unibersidad ng Pilipinas Baguio*<br><br>**Pagbuo at Pagpapatibay ng Safe Spaces Attitude Scale (SSAS)**<br>Rochelle T. Fernandez-Pascual at Alyzza Louize V. Malibiran<br>*Miriam College*<br><br>**Paggalugad ng mga Danas sa Katarungang Panlipunan Pagpapayo ng mga Piling Pilipinong Tagapayo sa Paaralan**<br>Alyzza Louize V. Malibiran at Aurora Buenaventura-Fulgencio<br>*Miriam College*<br><br>**Moderasyon ng Parent External Hope sa Relasyon ng Internal Hope at Well-being**<br>Justin Vianey M. Embalsado<br>*Angeles University Foundation*<br>John Ian Wilzon Dizon,<br>*Hong Kong University*<br>Jonee Miranda<br>Reymond Neal Cruz<br>*Angeles University Foundation* | **Iba-iba Ngunit Pareho: Ang Fundamentalismo ng mga Kristyanong Grupo sa Pilipinas**<br>Darren E. Dumaop<br>*Pamantasang De La Salle*<br><br>**Pagtanggap sa Fake News: May Kinalaman ba ang Pagsuportang Politikal at ang Religious Fundamentalism?**<br>Kiana Lois Dotullo, Nicolas B. Medenilla III, Maria Margareth M. Geluz, at Monica Renee Policarpio<br>*Pamantasang De La Salle*<br><br>**Buhay Karanasan ng mga Albularyong Nanggagamot ng Sapi**<br>Jan Mikhail A. Mengullo, Vanessa O. Platon, at Princess Regine M. Sicat<br>*National University* | **Skip Ads Atbp: Ang Interaksyon ng mga Bata at Magulang sa Paggamit ng Tablet at Smartphone at ang Implikasyon Nito sa Pag-unlad ng Bata**<br>Annalyn De Guzman Capulong<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Obserbasyon sa Emosyon at Kilos Kaugnay sa Pagtulong at Di-Pagtulong ng mga Bata na may Edad na 3-6 Na Taong Gulang**<br>Apryl Mae C. Parcon<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Pagsisiyasat sa mga Salaysay na Isinasabuhay Nila: Mga Kwentong-Buhay ng mga Nakatatandang Nakaranas ng Diabetes-Related Lower Limb Amputation**<br>Jholyan Francis S. Fornillos<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman & Unibersidad ng Pilipinas Los Baños*<br>Louella Barra Orillaza<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Pagsusuri ng Makabagong Metodo sa Pag-aaral ng Pagbubuo-Identidad: Karanasan mula sa Pananaliksik tungkol sa mga Pilipinong Emerging Adult**<br>Maria Clarissa A. Coronel at Danielle P. Ochoa<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman* | **Ang Paggamit at Pag-uulat ng Katutubong Metodo sa Pananaliksik: Isang Pagsusuri sa Umiiral na Kalakaran sa mga Lathalaing Sikolohikal**<br>Ma. Contesa C. Pagulayan at Marc Raymond C. Perez<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Tungkol Saan at Para Kanino ang Katutubong Pananaliksik sa Sikolohiyang Pilipino?**<br>Geselle C. Manguiat at Princess Lovella G. Maturan<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Tungo sa Dekolonyal at Maka-Kapwang Pananaliksik: Ang mga Katutubong Metodo sa Sikolohiya sa Pilipinas**<br>Charmaine P. Galano<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Mga Rekomendasyon sa Pagpapahusay ng Scholarship sa Katutubong Pananaliksik sa Sikolohiyang Pilipino**<br>Jay A. Yacat<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman* |

## ABSTRAK NG MGA PAPEL SA SABAYANG SESYON

### 1A-PATULOY NA MGA HAMON NG PANDEMYA

**Pagsisiyasat sa mga Hamong Kinaharap ng Mag-aaral na Kumuha ng Pagtatayang Online sa CEM: Batayan sa Pagpapaunlad ng Pagtatayang Online**

Rosario P. Faylona at Manilyn R. Reyes
*Center for Educational Measurement Inc.*

Nang nanalasa ang pandemya, ang pagtuturo at pagkatuto sa dating normal na face to face ay napalitan ng kaway – aral. Sa paraang ito naipagpatuloy ang edukasyon at sinikap na mapanatili ang kalidad nito gayundin ng pagtataya. Malaking papel ang ginagampanan ng pagtataya sa akademya sapagkat ito ang tumutulong upang matukoy kung ang naitalang layunin sa pagkatuto ay nakamit. Upang matiyak na ang pagtataya ay makapagbigay ng wasto at maaasahang datos, binigyan – tuon ng mga mananaliksik ang mga hamong kinaharap ng mag – aaral sa panahong sumalang sila sa pagkuha ng pagtatayang online sa Center for Educational Measurement, Inc. (CEM) sa gitna ng pandemya. Ang pananaliksik na ito ay sumasaklaw sa mag -aaral na kumuha ng pagtatayang online sa CEM ng Taonang Panuruan 2020 – 2021. Gumamit ang mga mananaliksik ng pangalawang datos mula sa CEM Helpdesk logsheet na naglalaman ng rekord ng mga konsern at mga hamong naranasan ng mag-aaral nang sila ay sumalang sa pagkuha ng pagtatayang online. Ang nasabing datos ay galing sa mga mensahe sa email, text, at tawag ng mag-aaral na kumuha ng pagtatayang online sa CEM. Gumamit ang mga mananaliksik ng metodong thematic analysis upang siyasatin ang datos. Ang datos ay masusing pinasadahan, pinag-aralan, at tinukoy ang mga pattern.

Batay sa mga nalikom na datos, ang natukoy na paulit ulit na mga pattern ng mga hamong kinaharap ng mag-aaral na kumuha ng pagtatayang online sa CEM ay ang mga konsern na may kaugnayan sa koneksyon ng internet, kompatibilidad ng gadget, kamulatan ng mag-aaral sa paggamit ng online platform at paligid ng lugar kung saan isinasagawa ang pagtatayang online. Nahinuha ng mga mananaliksik na sa mga nabanggit na hamon; ang kamulatan ng mag-aaral sa paggamit ng online platform at ang paligid ng lugar kung saan isinasagawa ang pagtatayang online ay maaaring isaayos sa mas maagang preparasyon sa tulong ng CEM. Upang mapaunlad ang kakayahan ng mag- aaral sa pagkuha ng pagtatayang online ng CEM at mga kahalintulad nito, iminumungkahi ng mga mananaliksik na mas gawing komprehensibo ang kasalukuyang programang oryentasyon ng CEM para sa mga kasapi na paaralan, mag-aaral, at magulang (ng mga bata sa mababang baitang) bago ang aktwal na pagtataya. Bilang karagdagan sa programang ito, ang inklusyon ng simulasyon sa pagnanabiga ng platform ng pagtatayang online para sa mga mag-aaral at mga proctor ay sisiyasatin.

**Dalaw: Ang Pagiging Taga-labas ng mga Magulang sa Kanilang mga Anak na nasa Bahay Pag-asa Noong Panahon ng COVID-19**

Justin Francis Leon V. Nicolas
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*
Kristine Analiza P. De Vera
*Bulacan State University*

Sa panayam sa mga magulang na ang mga anak ay nakatalaga sa Bahay Pagasa sa Bulacan, tinanong ng mga mananaliksik kung ano ang mga dinadalang bagahe at ang mga bumabagabag sa mga magulang hinggil sa kanilang mga anak na nasa Bahay Pagasa noong panahon ng COVID-19. Dahil sa restrikson ng COVID-19, ang pangunahing bumagabag sa kanila ay kung paano nila madadalaw ang kanilang mga anak. Ang salitang "dalaw" ang pinakamaraming lumabas na tugon mula sa panayam. Dahil sa hindi nila madalaw ang kanilang mga anak, nakabuo ng modelo ng praktis sa gawaing panlipunan na nagturo sa mga nanay ng paggamit ng online na mga plataporma para makausap nila ang kanilang mga anak. Sinuri ng tandem na guro-estudyante ang salitang dalaw sa pagpapakahulugan ng mga magulang.

Ang pangunahing datos ay nagmula sa panayam sa 10 na Children in Conflict with the Law (CICL), 10 na magulang, at tatlong social worker ng isang Bahay Pagasa sa Bulacan. Sinuring muli ng mga mananaliksik ang datos mula sa panayam, at nagaanalisa ng nilalaman ng Integrative Paper na isinumite ng gradwadong mag-aaral bilang rekisitos sa Gradwadong Field Instruction. Binalikan ng

guro at ng dating magaaral ang kanilang karanasan sa superbisyon at mula sa pagbabaliktanaw at mga repleksyon ay bumuo sila ng panibagong balangkas na kaugnay ng konseptong "Dalaw".

Ipapakita sa artikulong ito ang mga pagpapahalaga ng mga magulang sa dalaw, paano ang kawalan nito ay nagdulot ng pighati noong panahon ng pandemya, at kung paano ang mga malikhaing pamamaraan ay nakatulong para maibsan ang mga takot at agam-agam ng mga magulang. Sa huli, tatalakayin ng mga mananaliksik ang konsepto ng dalaw at ang impikasyong ng bakod na itinayo ng mga institusyong total sa pagitan ng mga bata at kanilang mga magulang. Ipapakita na ang implikasyon ng salitang dalaw ay ang pagiging tagalabas sa isang lugar na kotrolado ng estado at hiwalay sa kalakhan ng malayang pamayanan, at kung paano ang lugar ang nagbibigay ng identidad sa mga nanay bilang mga "dalaw". Ang lugar tulad ng Bahay Pagasa ay nagiging sanhi din naman ng pagkakaroon ng aksyon na pag-dalaw. Gagamitin ng mananaliksik ang isang Balangkas ng Pagiging Malikahain sa Praktis (Framework of Creativity in Practice) upang tugunan ang mga kontradiksyong dulot ng dalaw sa realsyon ng magulang at anak.

**Sosyal at Politikal na Dinamiko ng Anti-Trapiking na mga Aktor sa Pilipinas sa Panahon ng COVID-19 Pandemya**

Andy C. Alegre
*Pamantasang De La Salle*

Nakatuon ang pag-aaral na ito sa mga kolektibong paggalaw at trauma-informed na pagtugon para sa sama-samang pagsusulong ng mga kilusan or grupo ng mga anti-trapiking at mga tirahang kumukupkop sa mga biktima dito sa Pilipinas. Ang layunin ng pananaliksik ay mai-dokumento ang mga tagumpay at hamon ng mga aktor na ito na dala ng COVID-19 na pandemya at kung paano tumugon ang mga grupong ito laban sa sama-samang trauma na nakaapekto sa kanilang mga operasyon. Tinatasa din nito kung paano at anong mga kondisyon para umulad sa isang krisis at paano ang mga komunidad na ito maaaring i-institutionalize ng pamahalaan ang mga patakarang sumusuporta sa sektor na ito. Ang pag-aaral ay kinapanayam ang mga anim na pangunahing aktor at kinatawan na mga institusyon ng anti-trapiking at tahanan upang tumulong na matukoy at maidokumento ang mga panlipunan at pampulitikang pag-uugali sa sistema ng serbisyong panlipunan ng anti-human trapiking na sektor na labis na naiimpluwensyahan ng local na mga patakaran at lokal at pang-internasyonal na isyu. Gumagamit ito ng husay na pamamaraan ng pananaliksik gamit ang grounded theory bilang isang paggabay at gumamit ng feminist theory at self-care sa kontekstwal na balangkas ng pag-aaral. Ang mga natuklasan ay mga madiskarteng tugon ng pangangalaga sa sarili at napapabilang na proseso ng kolektibong kilusan bilang angkop na tugon sa pandemya. Inirerekomenda nito ang panlipunan at mga patakarang pampulitika para sa mga aktor ng pamahalaan upang palakasin ang mga serbisyong panlipunan para sa mga nakaligtas sa human trapiking. Ang pag-aaral ay may kaugnayan sa bansa at sa Timog-Silangang Asya dahil ito ay naglalayong mag-ambag sa panlipunang dinamika at mga paggalaw ng sektor ng anti-trapiking kung saan ito ay pinaka-malala. Nagdudulot din ito ng kaugnayan sa panlipunang paggalaw at trauma-informed na pagtugon ng ilang aktor at institusyon sa panahong ito ng pandaigdigang pandemya. Bilang karagdagan, itinatampok nito ang ilang patakaran na maaaring magdulot ng pagbabago sa anti-trafficking na sektor at mga komunidad na tahanan na nag-aalaga sa mga biktima at nakaligtas sa human trapiking.

## 1B-SIKOLOHIYANG PAMPOLITIKA

**Ang Apat na Anyo ng Pulitikal na Pakikilahok ng mga Pilipino sa mga Online na Espasyo**

Francis Simonh M. Bries
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*

Bagaman at naging malaking interes ng mga mananaliksik ang pulitikal na pakikilahok na nasasalamin sa dami ng mga pagpapakahulugang ipinanukala upang maintindihan ito, kulang naman ang mga konseptwalisayon at balangkas na nabuo upang mapagbuklod ang mga indibidwal na pagkilos na naunang natukoy. Higit pa rito, mas kinakailangan ang mga naisasakontekstong pagsiyasat dahil sa tatlong lokal na kalagayan: (1) ang paglipat tungo sa mga *online* na uri ng pulitikal na pakikilahok sa gitna ng pandemyang dulot ng COVID-19, (2) ang magkaalinsabay na estado ng Pilipinas bilang "*social media capital of the world*" at "*patient zero of the global disinformation pandemic*", at (3) ang pagkabahala sa lagay ng mga karapatang pantao sa Pilipinas. Dahil dito, mula sa pagsasama-

sama ng mga kasalukuyang modelo, inihahain sa kasalukuyang pananaliksik ang isang balangkas tungo sa pagsiyasat sa mga anyo ng *online* na pulitikal na pakikilahok ng mga Pilipino. Mula Oktubre 2021 hanggang Pebrero 2022, 1403 na Pilipinong may tamang gulang na naabot gamit ng *purposive* at *snowball sampling* ang tumugon sa isang *online* na *survey* na naglalaman ng isang binuong panukat ng *online* na pulitikal na pakikilahok na batay sa mga naunang iskala. Gamit ng *exploratory* at *confirmatory factor analysis*, nakita na ang mga tumugon ay nakikilahok sa pamamagitan ng impormasyon (pakikipag-usap at pagbabahagi ng balita), aktibong impluwensiya (pagpapadala ng mga mensahe sa mga opisyal ng pamahalaan at mamamayang may impluwensiya sa lipunan), kolaborasyon (pakikipagtulungan at paglutas sa mga problema ng komunidad), at digital na aktibismo (mga pagkilos na kaakibat ng protesta). Dagdag pa rito, ang pakikilahok gamit ng impormasyon at impluwensiya ay maisasakatuparan kahit sa tanging *online* na pamamaraan (hal., pag-*forward* ng balita sa ibang tao), habang tumatawid naman sa mga *offline* na espasyo ang kolaborasyon at aktibismo (hal., pagplano ng isang "*community pantry*" o *rally*). Higit sa lahat, magkakaugnay ang iba't ibang uri ng pakikilahok kung kaya maaaring magpalipat-lipat ang mga mamamayan sa pagitan ng mga anyong ito batay sa kanilang kagustuhan o pangangailangan (hal., paggamit sa mga *group chat* upang talakayin ang balita o bumuo ng *donation drive*). Nagtatapos ang pananaliksik sa pagbibigay ng mga mungkahi tungo sa replikasyon at pagtatasa ng balangkas at ng mga maaaring gawing hakbang upang paigtingin ang pulitikal na pakikilahok sa konteksto ng isang mundong digital at sa gitna ng mga mapaghamong kalagayan ng lipunan at pulitika.

**Paglinang ng Democratic Citizenship, Political Values at Filipino Social Identification sa Eleksyon sa Pilipinas at Higit pa**

Homer J. Yabut
*Pamantasang De La Salle*
Diwa Malaya A. Quiñones
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*
Darren E. Dumaop
*Pamantasang De La Salle*
Jeremiah Paul C. Silvestre
*Unibersidad ng Pilipinas Baguio*
Anne Claire Simpao
*Pamantasang De La Salle*

Siniyasat ng pag-aaral na ito ang democratic citizenship, political values at Filipino social identification sa konteksto ng demokrasya sa Pilipinas. Gamit ang datos mula sa online na questionnaire, 1 525 na Pilipinong botante para sa Eleksyon 2022 ang lumahok. Nakita sa resulta ng pag-aaral na ang mga kalahok ay may average score ng democratic citizenship; mataas na pag-sang ayon sa self-transcendence at mababang pag-endorso ng globalism bilang mga pagpapahalaga; at average na Filipino social identity. Sinuri rin ng pag-aaral na ito kung paanong ang pagkaunawa ng mga kalahok tungkol sa democratic citizenship, political values at Filipino social identification ay kaugnay sa gusto nilang kandidato para sa pagka-pangulo. Ang mga resulta sa pag-aaral na ito ay nagpapahiwatig na kailangang malaman kung paanong naiitindihan ng mga mamamayan ang demokrasya upang magkaroon ng estratehikong pang-sosyalisyon at plano kung paanong makamit ang tunay na demokrasya.

**Ang Lider bilang Lunan ng Ginhawa sa Sikolohiyang Pilipinong Pampulitika: Isang Pagbubulaybulay**

Roland A. Macawili
*Batangas State University*

Sa sinaunang pamayanan, malaki ang larang na ginagampanan ng datu bilang tagapagtaguyod at tagapagbigay ng ginhawa sa sakop dulot na rin ng kanyang akses sa kabuhayang nakasandig sa agrikultura. Maitatanong mula rito, halimbawa, kung ang ganitong kalakaran ng buhay ekonomiko-politikal ay nagpapatuloy hanggang ngayon. Kung oo, sa anong aspekto naiiba ang kasalukuyan sa nakaraan? Ang kasalukuyang papel ay naglalayong tuntunin ang kasaysayan at nauugnay na usaping kultural sa persepsyong iniaatang sa datu na inihayag sa itaas. Gamit ang giya mula sa pantayong pananaw ni Zeus Salazar at pagbanggit ng ilang kaso mula sa kasaysayan, sisikapin ng proponente sa salungguhitan ang historikal na proseso sa pagpapatuloy-pagbabago sa persepsyong nabanggit. Sa huli, maaari ngang makagawa ng isang sipat tungkol sa posibilidad ng korupsyon na maaaring idulot ng naturang persepsyon.

**Ang Pamilyang Pilipino sa mga Batayang Aklat: Isang Pagsusuri sa mga Batayang Aklat sa Araling Panlipunan 1 bilang Kasangkapan ng Hegemonya sa Pagbuo ng Pagkakakilanlan ng Pamilyang Pilipino**

Emerson I. Agra
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*

Ang pamilya ay itinuturing na pangunahing institusyon sa Pilipinas. Ang kasalukuyang Saligang Batas ng Pilipinas ay kumikilala sa kasagraduhan at kahalagahan ng pamilya sa pagbuo ng isang bansa. Gayundin, ipinapakita sa kurikulum ng Araling Panlipunan ang kahalagahan nito bilang isa sa mga aralin sa Baitang 1. Isa sa mga kagamitang pampagtuturo na ginagamit ng mga guro sa pagtalakay sa pamilyang Pilipino ay ang mga batayang aklat. Ang mga batayang aklat ay hindi malaya sa impluwensyang pangkultura at mga relasyon sa kapangyarihan. Maraming mga pananaliksik ang nagsasaad na ang mga batayang aklat ay maaaring gamitin bilang instrumento ng hegemonya upang palaganapin ang nangingibabaw na salaysay at kaisipan ng naghaharing uri. Ayon kay Antonio Gramsci, ang hegemonya ay tumutukoy sa pagbibigay ng pahintulot sa pamamagitan ng pagbuo at kontrol ng maling kamalayan. Ang nangingibabaw na kultura ay kinokonsumo ng ordinaryong mamamayan sa pamamagitan ng mga aparato ng estado, isa na rito ang edukasyon. Gamit ang hegemonya ni Gramsci bilang balangkas, at qualitative content analysis bilang pamamaraan, ang pag-aaral na ito ay naglalayong tuklasin ang papel ng mga batayang aklat sa Araling Panlipunan 1 sa pagbuo at pagbibigay kahulugan ang pagkakakilanlan ng pamilyang Pilipino. Dagdag pa rito, layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang mga tradisyonal na pagpapahalaga ng pamilyang Pilipino na inilalarawan sa mga batayang aklat. Panghuli, ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang mga batayang aklat bilang isang hegemonikong kasangkapan sa pagbuo ng pagkakakilanlan ng pamilyang Pilipino. Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapakita na ang batayang aklat Araling Panlipunan 1 ay maaaring magamit bilang hegemonikong kasangkapan sa pagbuo ng pagkakakilanlan ng pamilyang Pilipino. Ang mga batayang aklat ay sumasalamin sa tradisyonal na mga halaga at stereotype na dapat sundin at ikilos ng mga miyembro ng pamilya. Inuri ng mga batayang aklat ang pamilyang Pilipino gamit ang mga parametro ng nuclear-extended na dikotomiya. Gayundin, nakita na tinukoy ng mga batayang aklat ang pamilyang Pilipino bilang patriyarkal, sarado, bigay ng Diyos, nagkakaisa, at relihiyoso. Ang pagiging relihiyoso ay makikita sa pamamagitan ng pagdarasal bilang isang pamilya, pagdiriwang ng mga relihiyosong pista, at pagsisimba tuwing Linggo. Gayunpaman, ang pagiging relihiyoso ay ipinakita ng karamihan sa mga batayang aklat gamit ang mga halimbawa ng pagpapahalagang Kristiyano na nagpapahiwalay sa iba pang mga pamayanang kultural. Gayundin, ang kultura ng pagpapasakop sa kalooban ng pamilya sa pamamagitan ng pagkakaisa at paggalang sa mga nakatatanda ay ipinakita rin at inilarawan sa mga batayang aklat.

**Sa Pagitan ng mga Haves at Have-nots: Ang Imbensyon ng Global at Local Digital Divides sa Panahon ng Imperyalismong Amerikano**

Gwyneth Marie M. Vasquez
*Pamantasang Ateneo de Davao*

Noong Enero 20, 1949, inilahad ng Pangulo ng Estados Unidos na si Harry Truman ang kanyang Four Points Inauguration Speech na may layuning ipahayag ang mga estratehikong plano ng US sa kabila nga political, ekonomikal, at ideolohikal na mga hamon ng Cold War. Sa mga ito, ang ikaapat na punto ay tinanyagang diskursibong pagkaksumundan sa paggamit ng terminong "underdeveloped" at ang umuusbong na kahalagahan ng teknolohiya sa daigdig (Escobar, 1995; Hwang, 2006). Iginigiit ng papel na ito na ang "digital divide," na sa simpleng depinisyon ay naiintidihan bilang puwang sa pagitan ng mga mayroon at walang access sa Information and Communication Technologies (ICTs), ay karugtong ng diskurso ng development. Gamit ang archival research ng mga dokumentong pampamahalaan, mga talumpati, at mga akademikong artikulo, ibinubunyag ng papel na ito ang mga istoriko at diskursibong pinagmulan ng digital divide. Pinapakita rin na ang digital divide ay isang "fictitious construct" (Escobar, 1988) na pinalaganap ng Kanluran, lalung lalo na ng Estados Unidos, at siyang sinunod at ginamit rin ng mga "developing" na bansa kagaya ng Pilipinas. Dahil di pa umaabot sa kalahati ng populasyon ng bansa ang mga konektado sa internet mula 2019 (ITU, 2020), nagbibigay ito ng oportunidad na siyasatin ang ideya ng digital divide at suriin ang mga diskursong nagbibigay-katwiran sa mga institusyonal na pagpupunyaging maikonekta ang mga nooy "disconnected" na aktor.

**Pagsipat sa Cinema ng Third World "The Revolution Will Not Be Televised at Vantage Point": Gahum ng Midya sa Politika**

Rommel V. Espejo at Marianne R. De Vera
*Nueva Ecija University of Science and Technology*

Ang lumalawak na pagsasama-sama ng tao at ng lugar sa daigdig ay nagdulot sanga-sangang pagbabago—sa ekonomiya, politika, kultura, edukasyon, at midya. Ang lantarang pakikialam ng mga makapangyarihang at industriyalisadong bansa sa mga bansang mahihina ay lubos na ikinababahala ng ilang hindi sumasang-ayon sa globalisasyon. Apektado ang midya sa usaping globalisasyon. Nagagamit ang midya bilang instrumento sa pagsisiwalat ng katotohanan at maging sa paghahatid ng kasinungalingan. Sa pagsipat sa dokumentaryong "The Revolution Will Not Be Televised (2002)" at pelikulang "Vantage Point (2008)", susuriin ang gahum ng midya sa buhay at kasaysayan ng mga pangunahing aktor sa palabas. Nakabatay ang deskriptibong pag-aaral na ito sa lente ng Sociohistorical ni Reyes (1992) na nagsasabing may kapangyarihan ang kritiko na sakupin ang higit na malawak na larangan kontekstwal ng akda. Maisasali niya ang buong lipunan –politikal, etikal, kultural, pangkabuhayan, pilosopikal upang lubos na maunawaan ang paksa. Bibigyan talakay ng papel na ito ang 1) ang midya bilang bahagi ng globalisasyon, 2) gahum ng midya sa buhay at kasaysayan ng mga pangunahing aktor, at 3) ang relasyon ng midya, tao, at lipunan.

Susing Salita: Cinema ng Third World, Globalisasyon, Midya, Politika, Lipunan

## 1D-MGA PAG-AARAL SA SIKOLOHIYA NG KLINIKA AT COUNSELING

**Stigma sa Sarili Bilang Tagapamagitan sa Ugnayan ng mga Masasamang Karanasan Noong Kabataan at Panganib na Pagkalulong Muli sa Ipinagbabawal na Gamot ng mga Lalake sa Loob ng Residesiyal Rehabilitation Centers**

Erika Mae Pauline A. Goopio, Ma. Jorella L. Magno, at Ann Venice M. Velarde
*National University*

Tinatayang nasa 275 milyon ang mga naitalang gumagamit ng ipinagbabawal na gamot sa buong mundo, kabilang na rito ang bansang Pilipinas na kung saan patuloy na pinupuksa ang matinding laban kontra-droga sa pamamagitan ng mga iba't ibang programang inilunsad. Ang mga naunang pag-aaral ay nagsilbing ebidensya na mayroong mahalagang kaugnayan ang pagkalulong muli sa ipinagbabawal na gamot ngunit limitado lamang ito at hindi gaanong nabigyang linaw ang mga mekanismong nakapaloob sa mga ugnayang ito. Ito ang pumukaw sa interes ng mga mananaliksik ng papel na ito upang aralin at alamin kung ang sitgma ba nila sa sarili ay pumapagitna sa ugnayan ng mga masasamang karanasan nila noong sila ay bata pa at posibleng panganib sa pagkalulong muli sa ipinagbabawal na gamot. Gamit ang kwantitatibong correlational approach inalam ng mga mananaliksik ang kaugnayan ng mga barayabol. Sa pamamagitan ng pagpapasagot ng Adverse Childhood Questionnaire, Internalized Shame Scale, at Stimulant Risk Relapse Scale sa 122 na mga lalakeng respondante mula sa mga residensiyal na rehabilitation centers, na may edad na 26 hanggang 44 na taong gulang, at naglagi na sa loob ng residensiyal rehabilation center ng hindi bababa sa tatlong buwan at hindi hihigit pa sa anim na buwan ay nagkaroon ng maaring kasagutan sa katanungan ng mga mananaliksik sa papel na ito. Matapos ang pangangalap ng datos, sumailalim ang mga ito sa isang statistical na pag-aanlisa gaya ng Pearson r upang malaman ang pagkakaugnay ng mga baryabol bago tumuloy sa multiple regression analysis na mag-aanalisa kung may mahalagang kaugnayan ba ang pagpapagitna ng stigma sa sarili sa relasyon ng masasamang karanasan noong kabataan at posibleng panganib ng pagkalulong muli sa ipinagbabawal na gamot. Ayon sa resulta, lumalabas na mayroong mahalagang positibong kaugnayan ang relasyon sa pagitan ng mga baryabol na nagmumgkahi na isagawa ang regression-based mediation analysis pagkatapos. Ang resulta sa mediation analysis ay nagpakita na ang sumatutal na epekto (total effect) at hindi direktang epekto (indirect effect) ay makabuluhan. Sa kaibahan, ang direktong epekto (direct effect) ay hindi nakitang makabuluhan, at isinasaad nito na ang stigma sa sarili ay tinatayang rason upang magkaroon ng posibleng panaganib sa pagkalulong muli sa ipinagbabawal na gamot at hindi ang masasamang karanasan noong kabataan. Sinasabi lamang ng resultang ito na ang stigma sa sarili na mayroon ang mga respondante, ang siyang gumaganap sa relasyon ng mga baryabol na masasamang karanasan noong kabataan at posibleng panaganib ng pagkalulong muli sa ipangbabawal na gamot. Samakatwid, ang mga mananaliksik ay mariing imiminumungkahi na magkaroon ng kritkal na screening sa mga traumatikong karanasan noong kabataan at presensiya ng stigma sa sarili sa mga

tao sa loob ng mga rehabilitation centers upang lalo silang matulungan sa pagpapabuti ng kanilang mga kinabukasan.

**Mga Landas Tungo sa Paglunas mula sa mga "Symbolic Wound"**

Liezl Rillera-Astudillo
*De La Salle University Integrated School*

Ang pagkakaroon ng makasagisag na sugat o symbolic wound dulot ng mga istruktura at proseso ng lipunan, at kultura ay maaaring magbunga ng iba't ibang trajectory ng paglunas. Sa kabila ng paghinuha sa iba't ibang landas ng mga indibidwal, ang pamungkahi sa kolektibong karanasan ay maaari ring matugunan. Gayunman, sa abot ng kaalaman ng mananaliksik, kaunti ang nalalaman tungkol sa kalagayan ng mga nasugatan ng lipunan at kultura na muling bumangon patungo sa panibagong pag-asa mula sa kanilang mapait na karanasan. Ang kasalukuyang pag-aaral ay nagsisikap na punan ang agwat ng kaalaman na ito sa pamamagitan ng retrospective na pananaw upang bigyang-kahulugan ang buhay ng mga emerging adult na tumahak sa landas ng paglunas sa kabila ng mga natamo nilang mga symbolic wound sa kanilang kabataan. Ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay nagpapahiwatig na habang ang proseso ng healing mula sa makasagisag na mga sugat ay naka-embed sa kultura, tila nakaugnay pa rin ito sa pagkatao at mga natatanging karanasan ng isang indibidwal.

**Post-Traumatic Growth sa Panahon ng Pandemya**

Neiley P. Satumira
*San Beda University-Manila*

Ang pandemya ay nagdulot nang malubhang epekto sa mga tao, sa lahat ng aspeto ng buhay; sa pisikal, pinansyal, sikolohikal at espirituwal. Ang bawat aspeto na ito ay maituturing na nagdulot ng antas nang kalubhaan na kung saan walang pinalampas na tao ang apektado. Ang mga epekto na ito ay nagbigay daan sa isang tao upang makabuo ng positibo o negatibo na perspektibo sa buhay. Kaya ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga epekto na ito, partikular na sa sikolohikal na aspeto ng pandemya, higit sa post-traumatic growth (positibong pananaw) na naidulot nito sa tao. Ito ay isang kantatibong pag-aaral na may layunin na bigyan nang deskripsyon ang kahalagahan ng post-traumatic growth sa panahon ng pandemya. Sa pamamagitan ng non-probability sampling, nagkaroon ng 100 na kalahok. Inalam ng mananaliksik ang antas ng epekto ng post-traumatic stress at ang kaugnayan nito sa antas ng post-traumatic growth. Ginamit ang The Impact of Event Scale-Revised (IES-R) na ginawa nina Daniel S. Weiss, PhD at Charles R. Marmar, para sa post-traumatic stress at The Post-Traumatic Growth Inventory (PGI) para sa post-traumatic growth na ginawa nina Richard G. Tedeschi and Lawrence G. Calhoun. Ang naging resulta ng pag-aaral ay mayroong positibong correlation ang post-traumatic stress and post-traumatic growth. Ang datos ay 0.42 at ito ay nakompyut sa pamamagitan ng Pearson-r correlation na may interpretasyon na ang mga kalahok ay mayroong mataas na epekto ng trauma at mayroon ding mataas na inklinasyon upang mag-cope sa pandemya sa pamamagitan ng mga factors ng post-traumatic growth. Ang mga factors na ito ay ang mga (1) Personal Strength, (2) Closer Relationships, (3) Greater Appreciation for Life, (4) New Possibilities, and (5) Spritual Development. Ayon sa resulta, ang mga factors ng PGI, ay may moderate tendency to practice post-traumatic growth. Ibig sabihin nito ang mga kalahok ay may kakayahan na subukan na umahon mula sa sikolohikal na bigat na epekto ng pandemya. Ang mga datos na ito ay nagbibigay ng patunay na ang mga Filipino ay gustong harapin ang mga sikolohikal na kahirapan sa buhay sa mas positibong pamamaraan at para sa ikauunlad nang kanilang kabuhayan. Ang ganitong pananaw nila ay sa tulong ng mga tao sa paligid nila at para sa mga taong kanilang minamahal sa buhay.

**Panukat ng Depresyon para sa mga Pilipinong Mag aaral sa Kolehiyo: Ang Pagbuo at Pagpapatunay nito**

Jo-Ann E. Porillo
*Lyceum of the Philippines University at Unibersidad ng Santo Tomas*
Joy R. Tungol
*Unibersidad ng Santo Tomas*

Ang pangunahing layunin ng pag aaral na ito ay makabuo ng panukat ng depresyon para sa mga Pilipinong mag-aaral sa kolehiyo na may katangiang mabigay ng pare-parehong resulta (*reliability*) at kasang-ayon sa mga nararapat na sukatin (*validity*).

Ang pag aaral na ito ay binubuo ng tatlong yugto. Sa patnubay ng eksploratoryong sunod-sunod (*exploratory sequential*) bilang desenyo ng pananaliksik, inilapat ang unang serye ng pag aaral sa kwalitatibong pagsisiyasat na sinundan ng mga kwantitatibong pagsusuri. Sa unang yugto ng konseptwalisasyon ng instrumento ay nabuo ang syamnapu't limang pahayag o pangungusap (95 items) na mula sa semiyotikong paglalarawan, panayam at pagsusuri ng literatura. Ang ikalawang yugto ay para sa pagtatatag ng mga katangiang sikometriko. Ang bilang ng indibidwal na pahayag ay nabawasan sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga dalubhasa at sinukat ayon sa indibiduwal at kabuuang panukat ng mga nilalaman (*item and scale validity index*). Ang limampu't limang pahayag (55 *items*) ay sinubok sa isang daan at limampung kwalipikadong mag aaral sa kolehiyo at sinuri ayon sa eksploratoryong pag analisa ng mga salik (*Exploratory Factor Analysis*). Sinukat din ang pagkakapareho ng mga tugon (*reliability index*) sa pamamagitan ng indibidual at kabuuang ugnayan (*item-total correlation*), *Cronbach's Alpha* at *Spearman Brown Prophecy*. Naging tatlumpu't pito ang pinal na bilang ng mga pahayag (37 *items*) na bumubuo sa *College Students Depression Scale* (CSDS) at sinubok sa pitungdaan at apat na kwalipikadong mag aaaral sa kolehiyo kasabay ng *Depression Anxiety Stress Scale*-21 (DASS-21) at *Oxford Happiness Questionnaire* (OHQ).

Ang I-CVI ay may 1.0 puntos sa bawat pahayag habang ang S-CVI ay nagbunga ng markang .91 na nangangahulugan ng mataas na *content validity*. Ang resulta ng *principal component analysis* (PCA) ay nagmumungkahi ng pagkuha ng anim na *domains*: kahungkagan, (*emptiness a=.91*), kahinaan sa emosyon (*emotional vulnerability a=.83*), negatibong pananaw tungkol sa sarili (*negative thoughts about oneself a=.90*), pisikal at emosyonal na pagkapagod (*physical and emotional exhaustion a=.91*), pag iyak (*crying spells a=.92*) at kawalan ng motibasyon (*low motivation a=.75*). Inalis ang may mababang *factor loading* sa bawat pahayag. Para sa pagpapatibay nito, ang CSDS ay may mataas na positibong relasyon sa DASS 21 (r=.73 - .83) at katamtamang negatibong ugnayan sa OHQ (r=-.57)

Ang bagong binuo na instrumento, *College Students Depression Scale* (CSDS) ay nagpapakita ng mahusay na sikometrikong katangian at nirerekomenda na magamit upang suriin o salain ang sinumang Pilipinong mag aaral sa kolehiyo na nakakaranas ng depresyon.

Pangunahing mga salita: depresyon, panukat ng depresyon, eksploratoryong sunod -sunod, mag aaral sa kolehiyo

## 1E-PAG-UNAWA SA MGA KARANASAN AT MGA SALIK NITO

**Taga-bayad Utang: Isang Penomenolohiya na Pag-aaral ukol sa Kanilang Pananaw, Tungkulin, at Karanasan**

Mary Andrea Z. Dayao, Jacob De Guzman, Anton Miguel J. Perez, Hans Furgen F. Go, at Paola Katherina M. Gonzales
*Information Technology and Communications Academy (iACADEMY)*

Ang salitang "Taga-bayad Utang" ay katawagan sa isang tao na sumasaklaw o nagbabayad ng utang ng kanilang pamilya. Kadalasan, kung ang pamilya ay walang kakayahan upang magbayad ng utang, isa sa kanilang miyembro ang inaasahang magbabayad ng umako ng responsibilidad upang bayaran ang utang ng pamilya. Ang tagabayad- utang ay maaaring nagmula sa konsepto ng utang na loob, hiya, at obligasyon. Ngunit, sa mga hamon na nararanasan ng ating lipunan, ang konseptong ito ay nangangailangan ng paglilinaw. Ang layunin ng kasalukuyang pag-aaral ay ipakilala ang pananaw, papel at karanasan ng mga Taga-bayad utang sa kasalukuyang henerasyon. Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito, ay: 1) nasa edad na 18 taong gulang; 2) mga tagapagtustos sa mga gastusin sa

pamilya; 3) mayroong malinaw na pag unawa sa salitang "utang";4) isang mamamayang pilipino; 5) pumayag na makapanayam via online. Sa kabuoan, walong kalahok ang nakapanayam ng mga mananaliksik. Ayon sa insiyal na resulta ng pananaliksik, ang Taga-bayad utang bilang isang konsepto, ay dumadaan sa malalim na pananaw na nakaugnay sa kultura, paniniwala, responsibilidad sa pamilya, pagtanaw ng utang na loob, at respeto. Ang mga mananaliksik ay nag rekomenda na siyasatin ang lente at lalalim ng mga kaakibat na konsepto tulad ng "pakikipagkapwa" at "malasakit."

**Ang Mga Karanasan ng mga Panganay sa Pagtanaw ng Utang na Loob sa Pamilya**

Lois L. Polvoriza, Bianca C. Baculi, Jona Mae Q. Garapo, at Junix Jerald I. Delos Santos
*Unibersidad ng Baguio*

Ang utang na loob ay isang pagpapahalaga sa kulturang Pilipino na ipinapakita ng mga miyembro ng pamilya, partikular ng mga panganay. Ang utang na loob para sa ilang Pilipino ay may kaakibat na mga pamantayan na kailangang makamit bago maibalik ang kanilang pasasalamat. Bagaman ang orihinal na layunin ng pagpapahalaga ay nananatili sa ilan, ang pagpapakita ng utang na loob ay naapektuhan sa pamamagitan ng kung paano ito naipakilala sa mga pamilyang Pilipino at sa mga naitalang ekspektasyon para sa mga panganay sa pagpapakita nito. Nilayon ng mga mananaliksik na maunawaan ang mga karanasan ng mga panganay mula sa iba't ibang antas sa lipunan sa lungsod ng Baguio patungkol sa pagtanaw ng utang na loob sa kanilang pamilya. Ang mga karanasan ng pitong (7) kalahok ay nakalap sa pamamagitan ng pakikipagkuwentuhan at sinuri gamit ang thematic analysis. Ang mga sumusunod na mga tema ay naitala: pagbabalik sa pamamagitan ng suportang pinansiyal, pagbabalik sa pamamagitan ng suportang hindi pinansyal, mga positibong karanasan sa pagbabalik, mga negatibong karanasan sa pagbabalik, napatigil na edukasyon, diktadong desisyon patungkol sa karera, at ang pagtuon sa pangangailangan ng pamilya bago ang pagbuo ng pamilya. Base sa mga ulat ng pag-aaral, ang pagpapahalaga na utang na loob ay naipapakita depende sa dinamika ng pamilya, at hindi ito naiiba sa antas ng lipunan na kinabibilangan ng mga panganay. Bagaman, ang pagkakaiba ng mga karanasan ng mga panganay ay mayroon pa ring malinaw na koneksyon sa kani-kanilang antas sa lipunan. Taliwas sa madalas na ipinagpapalagay, ang mga panganay na kalahok mula sa gitnang antas ng lipunan ay lumabas na mas nakakaranas ng pressure sa pagpapakita ng pagtanaw ng utang na loob kaysa sa mga panganay na kalahok mula sa mababang antas. Maliban sa mga nabanggit, may naganap din na pagbaliktad ng tungkulin (role reversal) kung saan ang mga panganay, na dating mga benepisyaryo, ay naging mga benefactor upang magpakita ng pagtanaw ng utang na loob sa kanilang pamilya, na dati ay mga benefactor na ngayon ay naging mga benepisyaryo.

**Pagtahak sa Dalawang Landas: Isang Pananaliksik sa Buhay-Karanasan ng *Biracial Filipinos***

Joon Shin E. Amangan, Armi Grace B. Desingaño, at Alyssa Mari A. Reyes
*Cavite State University*

Ang pananaliksik ay ginawa upang pag-aralan ang buhay-karanasan ng siyam na biracial Filipinos, na piniling Mabuti upang maging kalahok sa pamamagitan ng *purposive* at *snowball sampling*. Nilayon ng pag-aaral na imbestigahan ang buhay-karanasan ng mga kalahok patungkol sa kanilang pagkakaroon in interes at pagtuklas ng pagiging biracial; mailahad ang mga karanasan sa pagtira sa nakagisnang bansa, maging ang kanilang karanasan sa paglipat sa bansa ng isa pang magulang; at suriin kung paanong mga karanasang ito ay humubog sa kanilang sariling pagkakakilanlan. Ang salaysay ng mga kalahok ay sinuri gamit ang *grounded theory*, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga serye ng hakbang ng *coding*, na naglahad ng mga kategorya at tumuklas ng teoretikal na modelo ng pananaliksik. Ang resulta ng pag-aaral ay pinagtibay sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga naging kalahok at ng mga eksperto sa larangan.

Ang pananaliksik ay nakabuo ng teoretikal na balangkas na nagpapaliwanag ng mga konseptong patungkol sa mga yugto ng pagtuklas ng mga kalahok sa kanilang *biracial background*. Ang balangkas ay nahati sa mga yugtong pangkaraniwan (*normalcy*), panahon ng pagtuklas (*exploration*), panahon ng integrasyon (*integration*), at yugto ng pagkakakilanlan (*gained identity*). Ang karanasan ng mga kalahok sa Pilipinas ay maituturing na naiiba kumpara sa mga *non-biracial Filipinos*. Ang kanilang karanasan naman sa ibang bansa ay hindi maihihiwalay sa pagiging Pilipino, sapagkat patuloy nilang naiuugnay ang kanilang sarili sa mga Pilipinong kamag-anakan at pinanggalingan, sa kabila ng pakikisalamuha at pagtira sa ibang kultura. Panghuli, ang sosyokultural na karanasan ng mga kalahok sa pagtira sa mga bansa ng kanilang magulang ay natuklasan na may epekto sa paghubog ng sariling

pagkakakilanlan. Sa kabilang dako, ang pagtuklas ng partikular na epekto ng sosyokultural na karanasan ng mga kalahok sa kanilang sariling pagkakakilanlan ay itinalaga bilang limitasyon ng pag-aaral.

Dahil dito, iminumungkahi ang patuloy na pag-aaral sa pagkakakilanlan ng *biracial Filipinos* sa pamamagitan ng pagkakaroon ng datos sa bilang at lokasyon ng biracial Filipinos na nakatira sa Pilipinas, maging sa ibang bansa. Mas malalim at malawak na pag-aaral ang iminumungkahi tungkol sa kultural at sosyal na perspektibo ng gampanin ng karanasang Pilipino sa pagkakatatag ng sariling pagkakakilanlan.

## 1F-SYMPOSIUM: MGA HAMON AT DIREKSIYON SA PAGSASAKATUTUBO AT PAGDEDEKOLONISA NG SIKOLOHIYA SA PILIPINAS

Kinikilala ang Pilipinas bilang isa sa mga nanguna sa kilusang pagsasakatutubo sa sikolohiya sa buong mundo simula 1970s. Sa symposium na ito, kukumustahin ang estado ng mga tangkang isakatutubo at idekolonisa ang agham at praktis ng sikolohiya sa Pilipinas. Sa unang paglalahad, pagtutuunan ng pansin ang direksiyon ng pagsasakatutubo sa larang ng Sikolohiyang pag-unlad, nang may pokus sa mga teorya at pananaliksik sa moral na pangangatwiran. Samantala, pinagnilayan naman sa ikalawang paglalahad ang mga dahilan sa likod ng pamamayani ng mga banyagang panukat at pagtalakay ng ilang hakbang upang makabuo ng mga panukat na tunay na makakapaglarawan ng katangian at ugali ng mga Pilipino. Sa ikatlong paglalahad, ilalatag ang ilang hamon ng patuloy na pagsasakatutubo na may kinalaman sa paglinang ng isang sikolohiyang Pilipinong pang-klinika.

### Pagsasakatutubo at Pagdekolonisa ng Sikolohiya ng Pag-unlad: Panimulang Pagsusuri

Danielle P. Ochoa
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*

Sa pagsusuring ito, tatalakayin ang mga direksyon sa sikolohiya ng pag-unlad tungo sa pagsasakatutubo at dekolonisasyon gamit ang halimbawa ng mga pag-aaral at teorya sa pag-unlad ng moral na pangangatwiran. Sinasalamin sa pag-aaral at teorya sa paksang ito ang mga antas ng pagsasakatutubong tinahak ng sikolohiya ng pag-unlad mula sa mga "unibersal" na stage theories at paghahambing ng mga kultural na grupo patungo sa mas kultural na lapit (na may halong pagsasakatutubo) at mga kritikal na perspektibong may pagsusuri sa kapangyarihang sa mga relasyon at sa mas malawak na lipunan. Tatalakayin din ang ilang halimbawa ng mga lokal na pananaliksik at interbensyon na nagpapakita ng iba't-ibang antas ng pagsasakatutubong ito. Mula rito, pagninilayan ang mga hamong hinaharap sa gawain ng pagsasakatutubo at pagdekolonisa sa larang, tulad ng tensyon sa pagitan ng (1) posibilidad ng paternalismo ng eksperto at pagpapahalaga sa katutubong kaalaman, (2) pagrespeto sa lokal na pagpapahalaga at gawi at pagpuna sa mga nakapipinsalang mga tradisyon, at (3) mga realidad ng pananaliksik at praktika na nagpapatuloy ng status quo at tawag na maging kritikal at baguhin ang mga nakagawian sa disiplina. Mula sa mga hamong ito, pinananawagan ang mga sikolohista ng pag-unlad na palalimin ang reflexivity sa mga teorya at metodong ginagamit at sa mga pagpapalagay at layunin sa pag-unlad ng tao, kilalanin at pagyamanin ang katutubong kaalaman at agency ng mag indibidwal at grupo, at dumayo sa interdisiplinaryong pagtingin sa pag-unlad upang mas mapalalim ang pag-unawa sa ugnayan ng tao sa lipunan at kultura.

### Ilang Pagmumuni-muni Bilang Tugon sa Hamon ng Pagsasakatutubo ng mga Panukat sa Sikolohiya

Marie Rose H. Morales
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*

Hindi nagpapahuhuli ang Pilipinas sa paglikha ng mga katutubong panukat ng sikolohiya, lalung-lalo na sa larangan ng personalidad at pagkatao. Nariyan ang Panukat ng Pagkataong Pilipino (PPP; Carlota, 1987), Panukat ng Ugali at Pagkatao (PUP; Enriquez & Guanzon-Lapena, 1985) at ang mas bagong Masaklaw na Panukat ng Loob (Mapa; del Pilar, 2015). Sa kabila nito, madalang lamang gamitin ang mga panukat na ito sa praktika ng sikolohiya. Madalas, ang napipisil pa ring gamitin ng mga propesyonal ay ang mga panukat na binuo sa ibang bansa, gamit ang ibang wika at kultura. Bunsod nito, tatalakayin ang mga sumusunod sa kasalukuyang paglalahad: 1) mga isyu sa pag-aangkop ng mga banyagang panukat, alinsunod sa kasalukuyang mga diskusyon tungkol sa kahalagahan ng tama at angkop na pagtatasa ng mga katangian at ugali ng mga tao; 2) ang iba't-ibang

uri ng katibayan (validity) ng mga panukat at kung paano maaaring magbago ang mga ito tuwing inaangkop sa isang kulturang iba sa pinagmulan nito, at 3) ang mga isyu sa pilit na pag-aangkop ng mga pamantayan (norms) na binuo sa ang ibang kultura. Bukod dito, layon ring talakayin ang ilan sa mga hamon ng paglikha ng mga panukat mula sa mga konsepto sa Sikolohiyang Pilipino, mula sa kakulangan ng pananaliksik hanggang sa kakulangan ng imprastakturang kayang mailathala, mapaunlad, at mapangalagaan ang mga panukat na binubuo sa akademya at sa mga korporasyon. Sa huli, ihahayag ang ilan sa mga maaaring pag-isipan at gawin ng mga mananaliksik upang matugunan ang hamon ng pagbuo ng mga panukat na tunay na makakapaglarawan ng katangian at ugali ng mga Pilipino.

**Pagsasakatutubo at Pagdekolonisa ng Sikolohiya ng Pag-unlad: Panimulang Pagsusuri**

Divine Love A. Salvador
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*

Sa pagsusuring ito, tatalakayin ang mga direksyon sa sikolohiya ng pag-unlad tungo sa pagsasakatutubo at dekolonisasyon gamit ang halimbawa ng mga pag-aaral at teorya sa pag-unlad ng moral na pangangatwiran. Sinasalamin sa pag-aaral at teorya sa paksang ito ang mga antas ng pagsasakatutubong tinahak ng sikolohiya ng pag-unlad mula sa mga "unibersal" na stage theories at paghahambing ng mga kultural na grupo patungo sa mas kultural na lapit (na may halong pagsasakatutubo) at mga kritikal na perspektibong may pagsusuri sa kapangyarihang sa mga relasyon at sa mas malawak na lipunan. Tatalakayin din ang ilang halimbawa ng mga lokal na pananaliksik at interbensyon na nagpapakita ng iba't-ibang antas ng pagsasakatutubong ito. Mula rito, pagninilayan ang mga hamong hinaharap sa gawain ng pagsasakatutubo at pagdekolonisa sa larang, tulad ng tensyon sa pagitan ng (1) posibilidad ng paternalismo ng eksperto at pagpapahalaga sa katutubong kaalaman, (2) pagrespeto sa lokal na pagpapahalaga at gawi at pagpuna sa mga nakapipinsalang mga tradisyon, at (3) mga realidad ng pananaliksik at praktika na nagpapatuloy ng status quo at tawag na maging kritikal at baguhin ang mga nakagawian sa disiplina. Mula sa mga hamong ito, pinananawagan ang mga sikolohista ng pag-unlad na palalimin ang reflexivity sa mga teorya at metodong ginagamit at sa mga pagpapalagay at layunin sa pag-unlad ng tao, kilalanin at pagyamanin ang katutubong kaalaman at agency ng mag indibidwal at grupo, at dumayo sa interdisiplinaryong pagtingin sa pag-unlad upang mas mapalalim ang pag-unawa sa ugnayan ng tao sa lipunan at kultura.

## 2A-SIKOSOSYAL NA SUPORTA SA KOMUNIDAD

**Pamamaraang Pinoy: Adbokasiya para sa maka-Pilipinong Pamamaraan sa Pagbibigay ng Tulong-Psycho-social sa Panahon ng Sakuna**

Arnold B. Lumbao
*Pamantasang Ateneo de Manila*

Ang papel na ito ay hango sa isang mas malawakang pag-aaral na nagsuri ng mga programang psycho-social matapos ang isang naganap na sakuna sa bahaging timog ng bansa noong taong 2018. Sa mga naging resulta ng pag-aaral na yoon, isa sa mga kapansin-pansin na lumabas na aral ay ang pagbibigay ng tulong psycho-social na maka-Pilipinong pamamaraan. Ano nga ng ba ang maka-Pilipinong pamamaraan o sa wikang ingles ay "Filipino Way"? Ano nga ba ang mayroon doon na tila may bukod tanging katangian na nasa ating mga Pilipino? Ipinapakita ng papel na ito ang mga naging karanasan ng mga nagbigay ng tulong psycho-social pagkatapos ng sakuna. Lalo pa, idinidiin ang pag-gamit ng maka-Pilipinong pamamaraan sa pagtulong hindi lang dahil ito ay nakakatulong sa paghilom kundi dahil rin ito ay sang-ayon sa mga pamantayang sinusunod sa *international* na komite. At dahil napaka-prominente sa pag-aaral na ito, ang paggamit ng pamamaraang Pilipino ay siya na ring isinusulong na adbokasiya. Kasama na rin dito ang pag-gamit ng pagka-Pilipino bilang isang balangkas o *framework* lalong lalo na sa pagbibigay tulong psycho-social.

**Mga Karanasan sa Magnitude 7 na Lindol sa Isla ng Luzon: Case for Analysis and Psychosocial Support Program**

Henmar C. Cardiño
*Unibersidad ng Santo Tomas*
Jigo Rafael C. Catamio
*National University*
Renato D. Jose
*Four N Properties LLC - Company*
Darwin D. Diola
*National University*
Erwin B. Sario
*Manila Jockey Club, Inc.*
John Mark S. Distor
*Polytechnic University of the Philippines*

Ang pangunahing layunin ng pagaaral na ito ay maipakita ang mga karanasan ng mga Local Budget Officers sa Rehiyon 2 habang at pagkatapos ng lindol sa Luzon. Nais din ng mga mananaliksik na galugarin at maipakita ang mga maaring psychosocial support program sa mga nakaligtas o survivor sa nasabing lindol sa Pilipinas noong Hulyo 2022. Ang mga mananaliksik ay gumamit ng kwalitatibong disenyo sa pagaaral upang makita ang mga tugon ng mga kalahok sa kanilang naramdaman (pisikal at emosyonal), nasa-isipan (mental), at mga ginawa (behavioral at espiritwal) habang at pagkatapos nang magnitude 7 na lindol. Ginamit ang thematic analysis upang isaayos at bigyang kahulugan ang mga nakalap na datos. Nakakalap ang mga mananaliksik ng 88 kalahok na dumadalo sa isang kumbensyon sa Laoag, Ilocos Norte noong Hulyo 27-29, 2022. Tanging 61 lamang mula sa 88 na kalahok ang naging kwalipikado at lumagda sa consent form noong Hulyo 28, 2022 para sa pagaaral na ito. Ang mga matitingkad na temang nabuo mula sa mga tugon ng mga kalahok ay ang (1) Reaksyon sa gitna ng sakuna; (2) Kaisipan sa gitna ng kalamidad; at (3) Diskarte sa pagharap sa gitna ng sakuna. Tatlong (3) Tema ang natukoy mula sa pagsisiyasat na may anim (6) na tukoy na mga subtema at ang bawat tema ay mayroong dalawang subtema na higit na nagpapaliwanag sa mga karanasan ng mga kalahok. Batay sa mga kinasapitan ang mga sumusunod na psychosocial support programs ay inirerekomenda: (1) Suporta para sa mga indibidwal na nangangailangan ng tulong; (2) Mga aktibidad na nagbibigay suporta gamit ang teknolohiya gaya ng Telepsychology o Telephone-based Counseling; (3) Suporta para sa mga sama-samang aktibidad o gawain; (4) Suporta sa hanapbuhay o pagkakikitaan; (5) Pagtaas ng kamalayan ng publiko tungkol sa kalusugang pangkaisipan; at (6) Pag-unlad sa mga indibiwal upang mapabuti ang kanilang mga kakayahan sa pagtugon sa mga sakuna gamit ang mga kaalaman sa Mental Health and Pyshcosocial Support (MHPSS).

Susing salita: Lindol, Luzon, Karanasan, Psychosocial Support Program

**Pag-aalaga sa Panahon ng Patayan: Mga Salaysay ng mga *Community Volunteer* sa Pangangalaga ng mga Batang Inulila ng *Drug War* sa Pilipinas**

Jay Mark S. Cabrera, Mara Patricia Y. de Guzman, at Mira Alexis P. Ofreneo
*Pamantasang Ateneo de Manila*

Ang *war on drugs* sa Pilipinas ay nagiwan ng libu-libong mga ulila at pamilya na nagdurusa. Dahil ang isang pambansang programa para sa mga naulila ay hindi pa naisakatuparan ng pamahalaan ng Pilipinas, ang Simbahang Katoliko ang sumasalo sa tungkuling alagaan ang mga ulila sa pamamagitan ng pagpapakilos ng mga *community volunteers*. Ngunit, ang maraming mukha ng pagboboluntaryo para sa mga marginalisadong pamilya ay nanatiling kulang sa pag-aaral lalo pa sa konteksto ng isang mapagparusang polisya at ang kasalakuyang pandemiya. Upang maintindihan ang kanilang komplikadong karanasan, labing-limang mga *community volunteers* mula sa isang diyosesis sa Lungsod ng Quezon ang nagsalaysay ng kanilang kwento (*narrative*) ukol sa pag-aalaga ng mga naulila. Gamit ang *Integrated Narrative Inquiry*, tatlong kategorya ang lumabas: (1) *pagmamalasakit sa patuloy na marginalisasyon ng mga ulila habang patuloy ang patayan;* (2) *panawagan sa gobyerno ng pananagutan sa harap ng mga limitasyon sa pag-aalaga;* (3) *pagkapit sa kahalagahan ng pangangalaga ng mga ulila na may pag-asa.* Sa bawat kategorya ay binubuo ng mga *multi-layer sub-themes* na ipinapakita hindi lamang ang mga indibidwal o personal na katangian ng mga nagsasalita pati na ang mga ibat-ibang isyung panlipunan na siyang humubog sa kanilang mga kwento. Ang mga resulta ay nagsisilbing karagdagan sa pagaaral ng mga karanasan ng mga *community volunteers* sa pagtugon

sa pangangalaga ng mga ulila at kanilang natitirang pamilya. Ito rin ay nagpatunay na ang 'narrative" ay isang empirakal na gamit upang kritikal na mausisa kung paano maihahatid ang mga serbisyong *psychosocial* sa lilim ng mga kasalukuyang isyung sosyo-politikal (hal. pandemiya, paglabag sa karapatang pantao). Sa gayon, kailangang isaalang-alang ang mga karanasan ng mga *community volunteers* sa pagbibigay ng mga pambansang programa para sa mga karapatan ng mga ulila at kanilang pamilya.

## 2B-PAGBABALANGKAS SA EDUKASYON

### Ang Pagpopook ng Sikolohiyang Pilipino sa General Education Curriculum

Ariel U. Bosque
*Rizal Technological University*

Mahalaga ang pagkakaroon, pagpapanatili, at pagtataguyod ng mga kursong Filipino sa General Education Curriculum at sa pagtatampok nito, inaasahang maging ang mga kaakibat na disiplina ay magiging katuwang dito. Halimbawa, ang pagtalakay sa Sikolohiyang Pilipino bilang paksang dalumat sa kursong GE ay nagpapatunay ng integrasyon ng mga disiplina. Hangad ng pag-aaral na: masuri ang estado ng Sikolohiyang Pilipino bilang bahagi ng GEC ng kursong Pagbasa ng mga Dalumat sa Filipino tungo sa Pananaliksik (Dalumat) ng Rizal Technological University, matukoy ang kalagayan ng Sikolohiyang Pilipino sa GEC; at madiskurso ang mga direksyon at hinaharap pa ng SP sa Unibersidad. Sa pagsasakatuparan nito, nagsagawa ang mananaliksik ng kwalitatibong sarbey sa isandaang (100) tagatugong napili sa pamamagitan ng purposive sampling. Maliban dito, nagkaroon din ng document analysis (DA) sa mga nakalathalang impormasyong may kaugnayan sa layon ng papel. Para sa kwalitatibong sarbey, lumabas ang resultang "Lubos na Sumasang-ayon" sa pangkalahatang tanaw hinggil sa pagpaksa sa SP sa Dalumat. Pinakikita nitong may matibay na maiaambag ang SP sa katuparan ng kurso, sa General Education Outcomes, at sa kalikasan nito bilang dalumat. Para sa direksyon at hinaharap ng SP, minumungkahi ng saliksik na matalakay sa Espesyal na Paksa na bahagi ng kurso ang mga paksang nakatema ayon sa kinukuhang programa ng mga mag-aaral. Kabilang sa mga kategorya ang: Edukasyon at Kultura; Politika, Lipunan, at Etnoagham; Agham, Biyolohiya, Teknolohiya, Inhinyeriya, at Arkitektura; Bisnes, Pananalapi, at Pamamahalang Pang-organisasyon; Isports, Kalusugan, at Araling Rekreasyon; Sikolohiya, Filipino, at Araling Panlipunan; at Pag-aangat-patong. Sa ganitong gana, makikita ang tutok na maaaring mabalangkas sa mga talakayan. Para naman sa mga adyenda ng maaaring mabuong saliksik, nakauri ang: Makakapwa at Maka-Pilipinong Oryentasyon ng Saliksik; Katangiang Interdisiplinari ng Sikolohiyang Pilipino; Ang mga Pwersa ng Filipino at Sikolohiyang Pilipino; Ang Sikolohiyang Pilipino at ang Lipunan; at Sikolohiyang Pilipino at Karangalan, Katarungan, at Kalayaan.

### Estadong Henerasyonal at Akademikong Katagumpayan ng mga Estudyante sa Kolehiyo sa Ilocos Norte

Christine Joy C. Lim
*Mariano Marcos State University at Unibersidad ng Pilipinas Diliman*

Sa pag-aaral na ito binigyang tuon ang kinalaman ng henerasyonal na estado ng mga estudyante ng kolehiyo sa Ilocos Norte sa kanilang pag-aaral, partikular na sa kanilang nakuhang General Weighted Average. Tatlong daan at limampu't apat (354) na estudyanteng kalahok, kung saan 213 ay unang henerasyon ng mga kolehiyong estudyante (First Generation College Students o FGCS) at 141 ay nagpapatuloy na henerasyon (Continuing Generation College Students o CGCS) ang sumagot ng sarbey na sumiyasat sa kanilang estadong sosyo-kultural na estado, indibidwal na katangian, sikolohikal na estado, at pang-akademikong kahusayan. Mula sa resulta, makikitang ang estadong henerasyonal ng mag-aaral, kaakibat ng estadong ekonomikal, ay may kinalaman sa GWA ng mga kalahok. Kasama ding sinuri at tinalakay sa pananaliksik ang iba pang mga salik na may kaugnayan sa kanilang katugumpayan bilang estudyante sa kolehiyo.

**Sa Labas ng Classroom: Mga Kontribusyon ng Podcast sa Konsepto ng mga Tagapakinig tungkol sa Kalusugang Pangkaisipan**

Myra G. Gahid
*Psychstart Psychological, Academic and Art Services*

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong siyasatin kung ang pakikinig sa podcast, Sa Labas ng Classroom, ay may dalang pagbabago sa mga pananaw ng tagapakinig tungkol sa kalusugang pangkaisipan. Gamit ang online na talatanungan, 25 kalahok (8 lalaki) na may edad 21-40 taong gulang ang naglagay ng episode na kanilang napakinggan o kaya ang kanilang paboritong episode, pananaw sa kalusugang pangkaisipan bago at matapos pakinggan ang podcast episode, at mga paksa na nais nilang mapag-usapan sa mga susunod na episodes. Gamit ang pampakay na pagsusuri (thematic analysis), ang mga tema ng mga konsepto ng mga kalahok tungkol sa kalusugang pangkaisipan matapos pakinggan ang podcast ay (1) Kailangan tugunan (Need to address), (2) Kamalayan (Awareness), (3) Pakikipag-ugnayan (Interrelation), (4) Nagabayang pagbabago (Guided change), at (5) Kabahaging karanasan (Shared experience). Pinapatunayan ng pagbabago sa mga tema ng konsepto tungkol sa kalusugang pangkaisipan ng mga tagapakinig ang kahalagahan ng pagtugon sa stigma at pagkakaroon ng makabuluhang, makabago at malikhaing pamamaraan ng pagpapalawak ng kamalayan ukol sa kalusugang pangkaisipan.

Mga susing salita: podcast, kalusugang pangkaisipan, Pilipino, Sikolohiyang Pilipino

**Paglikha ng Dokumentaryo: Isang Mapaglayang Karanasan sa Hamon ng Edukasyon**

Michle M. Celeste
*Iloilo State College of Fisheries (ISCOF)-Main Campus*

Ang papel na ito ay isang paglalahad ng mananaliksik ng kanyang karanasan bilang guro upang mapagtagumpayan ang dalawang magkaibang proyekto sa kanyang klase sa asignaturang Filipino kaugnay sa wika at kultura. Ang Dokyu: Koleksiyon ng Dokumentaryo Ukol sa Wika at Kulturang Pinanubli at ang Ilotura: Mga Dokumentaryong Pangkultura ng Iloilo ay outcome-based learning activity na ginawa sa asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik Ukol sa Wika at Kulturang Pilipino sa Baitang 11. Isinagawa ang proyekto bilang lesson exemplar na dinesinyo ng guro para sa dalawang magkaibang paaralan na kanyang tinuturuan, ang Iloilo National High School at UP High Shool in Iloilo. Pangunahing layunin ng proyekto na makalikha ng dokumentaryo na tumatalakay sa mga nangingibabaw na wika at kultura ng lipunang Filipino. Taglay ng dokumentaryo ang maayos na paglalahad sa kahalagahan ng wika at kultura gayundin ang kahalagahan sa pag-amlig ng mga ito na nakapupukaw ng pangkultural na kamalayan. Ang pagkamalikhain, paghihinuha at apektibong panig sa proseso ng paggawa ng dokyu ay nakatutugon sa mapagpalayang aspekto ng ika-21 siglong edukasyon. Sa pamamagitan ng pagpakilala ng metodong katutubong pananaliksik ay napagtuunang-pansin ang pagkamalikhain at pagkamaparaan ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng proyekto. Nalinang ang kanilang kakayahan sa pagsisiyasat, pagbuo ng biswal at tekstwal na interpretasyon gayon din ang interpersonal na pakikisalamuha sa kapwa estudyante at iba pang taong kinapanayam. Ang paglinang ng kognitibong kaalaman ay nabubuo sa pamamagitan ng interaksiyon sa mga bagay na kanilang namamasid, nakikita, nahahawakan at namamanipula. Isinaalang-alang ang dibersidad ng mga mag-aaral upang sila ay makapagbuo ng mahusay na proyekto bunga ng kanilang malaya at mapagbagong pag-iisip. Sa papel na ito ay ipinakilala rin ang mahalagang tungkulin ng guro bilang tagadisenyo, tagapagpatupad, tagapagpadaloy at tagataya ng proseso at produkto ng pagkatuto. Natugunan ang hamon ng edukasyong makapagbuo ng mga mag-aaral na analitikal at epektibong makapaglahad ng mga impormasyon ng saliksik na nakahihimok sa mensaheng makatukoy at makahikayat sa impormatibo, kognitibo at apektibong paraan sa paglinang ng kamalayang pangkultura at literasi.Pagkatapos na masuri at mataya ng mga dalubhasa sa pagbuo ng dokumentaryo at kagamitang pampagtuturo, sa kasalukuyan ay nagsisilbing kagamitang pampagtuturo ang koleksiyon ng mga dokumentaryo gayundin ang mga ito ay nagsisilbing batayan sa mga kaugnay na pag-aaral.

### Pagsusuri at Klasipikasyon ng Kasarian ng mga Nominal na Salita sa Filipino

Nina Christina Lazaro-Zamora at Adonis David
*Pamantasang Normal ng Pilipinas*

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral ay makabuo ng klasipikasyong pangkasarian sa mga salitang nominal sa Filipino na may malalim na integrasyon ng kasarian sa wika at kulturang Pilipino. Gamit ang deskriptibong pamamaraan, ang mga mananaliksik ay pumili ng tatlong panggramatikang aklat sa Filipino na kung saan, nakalikom ng mga halimbawang salita na may kaugnayan sa kasarian. Batay sa pagsusuri ng mga salita ay nakabuo ng klasipikasyon ng kasarian sa nominal na salita. Ito ay ang sumusunod: Kasariang Maylapi, Kasariang Markadong Semantikal, Kasariang Kontekstwalisado, at Kasariang Di Kontekstwalisado. Natuklasan ng pag-aaral na ang mga salitang nominal sa Filipino ay may taglay na kasarian tulad ng pambabae, panlalaki, walang kasarian at di tiyak batay sa mga halimbawa sa mga aklat panggramatika. Kaugnay nito masasabing ang kasarian ay hindi makikita sa estruktura ng isang wika kung hindi sa pakikipag-ugnayan nito sa semantikal na aspekto ng salita at lipunan (konteksto). Nirerekomenda na gamitin ang nabuong klasipikasyon ng nominal na salita upang maging paunang daan sa integrasyon ng Gender and Development (GAD) sa larangan ng wika na hindi gaanong nabibigyan ng pansin.

### Wikang Filipino, Malay, at Bahasa Indonesia: Masuring Paghahambing ng mga Totoo at Hindi Totoong Kogneyt

Charles Andre F. Nieves, Virgion H. Mamonong, at Christopher Baldonado
*University of the Immaculate Conception*

Ang matinding pagkalito at hindi pagkaka-iintindihan dahil sa magkaibang kultura at wika ay nagiging hadlang sa hindi pagkaka-unawaan at pagkaka-intindihan ng mga dayuhang mananalita ng Filipino, Malay, at Bahasa Indonesia. Sa pag-aaral na ito, magagamit ang masuring paghahambing – diskriptib – kwalitatib na kung saan gagamitan ng Revised Hierarchical Model (RHM) at ang pamamaraan ng magkakaibang pagtatasa (Lado, 1957) sa mga korporang nahanap gaya ng iba't ibang uri ng mga piraso ng panitikan sa tatlong wika. Sa paglikom ng datos, nakahanap ang mga mananaliksik ng 28 totoo at halos 32 na hindi totoong kogneyt sa tatlong wika na natagpuan mula sa iba't ibang pinanggalingan. Mayroon ding 68 totoo at 18 hindi totoong kogneyt batay sa nakuha ng mga mananaliksik sa ilalim ng kasingkahulugan na leksikal na kaugnayan, pitong pares na magkasalungat, apat na polisimus (polysemous), pitong pares na mga hetorosimi (heterosymy), apat na kogneyt ng heteronimi (heteronymy) , at dayagram din ng hiponimi (hyponymy). Matutunghayan din na ang mga totoong kogneyt ng tatlong wika ay sumailalim sa bahagyang pagbabago batay sa ortograpiya at ponolohiya kung kaya't dalawang hindi totoong kogneyt lamang ng ortograpiko at ponolohiya ang nakita. Hahantong sa paggawa ng makabuluhang leksikal na imbentaryo o bukletang mga mananaliksik upang makatulong sa wikang Filipino, Malay, at Bahasa Indonesia na maunawaan at makita ang buhay na patunay na kaugnayan ng wika, panitikan, at kultura

### Ang Semantic Frame ng Buot: Paggamit ng Semantikong Pagsusuri sa Pagtuklas ng mga Konseptong Pangkultura mula sa Wika

Janus Cabazares
*Unibersidad ng Pilipinas Mindanao*

Makabuluhan ang papel ng wika sa pagtuklas ng mga konseptong batayan ng Sikolohiyang Pilipino at ng mga kasamang disiplina sa loob ng indigenization movement sa agham panlipunan sa Pilipinas.

Sa papel na ito, ginagamit ang kognitibong linggwistiks sa pagtuklas ng mga konseptong nakapaloob sa mga kategorya/kataga ng mga wika. Nagmula sa mga pampublikong mga teksto sa internet ang datos na tinipon gamit ang programang BootCat.

Gamit ang halimbawa ng Sebuwano-Binisayang kataga na buot na hinahalintulad at malimit na direktang sinasalin mula sa Tagalog/Filipino na loob, pinapakita ng pagsusuri na ang mga konseptong bumubuo sa semantika ng isang salita ay iyong kinakailangang maisip ng tagapagsalita/tagapakinig upang maunawaan ito. Sa buot, ang mga konseptong bumubuo nito ay napapabilang sa kategorya o semantic frame na tatawaging lokus/pook ng sikolohikal na mga proseso.

Ang mga konseptong nakalakip ay maaaring hatiin sa dalawang kategorya: kognitibo at padamdam. Kinabibilangan ito ng mga konseptong: Pagkukusa, Kamalayan, Alaala, Karunungan/Kaalaman, Lagay ng Loob, at Emosyon.

Sa kabuuan, binibigyang halaga ng papel ang pagpapatibay ng teorya at metodo gamit ang dulog ng Frame Semantics sa pagsusuri ng wika upang matuklasan ang mga konsepto. Makakatulong ito sa pagpapaunlad ng mga pagsusuri sa Sikolohiyang Pilipino at mga disiplina sa indigenization movement na binabatay sa wika ang mga konseptong pinagmulan ng katutubong pagiisip at galaw.

## 2D-PAGPAPALAWAK AT PAGPAPALALIM NG MGA KONSEPTO SA SP

**Kapwa Kalikasan: Isang Pagpapalawig sa Konsepto ng Kapwa**

Ron R. Resurreccion
*Pamantasang De La Salle*

Ang Kapwa (shared identity) ay isa sa mga pinakamahalagang konsepto sa Sikolohiyang Pilipino kung saan hinango ang pakikipagkapwa, o ang pagtrato sa ibang tao bilang kapwa. Ang pakikipagkapwa ay itinuturing na isa sa pinakamataas na values sa kulturang Pilipino. Ang layunin ng papel na ito ay mapalawig ang konsepto ng Kapwa at imungkahi na ang pakikipagkapwa ay hindi lamang ginagamit sa pagtrato sa tao kundi pati sa kalikasan. Ang shared identity ay hindi lamang sa kapwa tao kundi pati sa kapwa kalikasan. Anim na tao na maituturing na may malalim na pakikiisa at pagmamahal sa kalikasan ang nakapanayam sa kwalitatibong pag-aaral na ito. Sila ay aktibo sa kanilang adbokasiya na pangalagaan at bigyang proteksyon ang kalikasan. Sa panayam, ipinalarawan sa kanila ang kanilang relasyon o koneksyon sa kalikasan. Ayon sa resulta ng pag-aaral, ang mga kalahok ay nakaranas ng pagkabighani o paghanga (experience of awe) kapag sila ay nasa kalikasan o nakakakita ng mga wonders of nature. Ang iba naman ay nagsabi na ang relasyon nila sa kalikasan ay give-and-take o reciprocal. Ang kalikasan nagbibibgay ng maraming bagay kaya sinisiguro nila na inaalagaan nila ito sa abot ng kanilang makakaya at ipaglalaban nila ito mula sa mga sumisira nito. May mga kalahok na nagsabi rin na ang relasyon nila sa kalikasan ay isang mapagpatawad na relasyon o forgiving relationship. Minsan ay hindi maiiwasan ng may mga gawain na makakasira sa kalikasan (pagputol ng puno, pagkain ng mga hayop) at may mga pagkakataon naman na ang kalikasan ang nakakasira sa tao (kalamidad) ngunit nakukuha pa rin nilang patawarin ang isa't isa. Ang iba naman ay nagsasabi na ang kalikasan ang tulay nila sa Diyos. Sa pamamagitan ng kalikasan, ramdam nila ang presensiya ng Panginoon. Para naman sa iba, ang kalikasan ay ang tagapangalaga ng kanilang kalusugan. Sa tuwing sila at pagod o may sakit, ang kalikasan ang nagbibigay ng lakas. Manilinaw sa resulta ng pag-aaral na ang pagtrato nila sa kalikasan ay maihahalintulad din sa pagtrato nila sa kapwa tao.

**Paghuhulma: Panuntunan sa Isang Masinop at Maka-agham na Pagtugon sa Usaping Bayan**

Crisanto Q. Regadio Jr.
*Pamantasang De La Salle*

Itinatampok ng "Pakiramdam" ni DS Erasga (2015) ang apat na batayan na isinasaalang-alang ng isang indibiduwal upang maging matagumpay sa mga kinalalagyang sitwasyon at kontekksto ng pakikipag-ugnayan. Ang mga ito ay ang lapit, galang, hiya at lusot. Ang pagsasaalang-alang ay kinatatampukan ng pagtitimpla ng mga batayang gabay habang sinusuri ang kaalinsabay na pagtitimpla ng ibang kalahok sa kinapapaloobang interaksyon. Samantalang, ang pagpapalagay ni R. Javier Jr. (2018) sa kanyang modelong "Danas-Dama-Diwa" ay may pangangailangang maintindihan ang kabuuang karanasan ng isang indibidwal sa pagbubuo ng kanyang diwa sa mga bagay-bagay ukol sa kanyang sarili, sa kanyang kapwa o mga bagay na pisikal o metapisikal na abot nito. Sa isang banda, iminumungkahi ni A. Contreras (2018) sa kanyang "Pagsasaayos" na kailangang suriin ang mga bagay-bagay sa kanyang pinakamaliit na yunit upang mas malalimang maunawaan ang pangkalahatang kaayusan. Ang paghahanap at pagpapasya ng isang mananaliksik sa magiging paksa ng kanyang pag-aaral ay ang una at pinakamahalagang hakbang sa paglulunsad ng isang siyentipikong pag-aaral. Subalit ang mga ginagamit na lente ng isang mananaliksik sa kanyang paghahanap ng paksa ay yaong mga bagay na hindi taal o nakalapat sa reyalidad o mga karanasan ng isang Pilipinong mananaliksik. Madalas ay pagpipilit na ilapat ito sa ating reyalidad. Dahilan dito ay may paghihiwalay ng panlipunang identidad (social identity) ng isang mananaliksik sa kanyang pananaliksik sa mga

panlipunanang katotohanan (social reality). Ito ang pangunahing sagka sa paglulunsad ng mga teoryang panlipunan lapat sa kontekstong Pilipino o sa Pilipinisasyon. Gamit ang mga itinatampok na mga pananaw ni DS Erasga, A. Contreras, R. Javier at DS Erasga sisiyatin ang pangunahing mga katangian, proseso at mga salik na ginagamit na mga batayan sa paghahanap at pagpapasya sa magiging paksa ng mga Pilipinong mananaliksik. Mahalagang datos dito ang aking personal na karanasan sa aking paghahanap at pinal na pagapagsya sa naging paksa ng aking undergraduate thesis, master thesis at disertasyon. Maging ang aking karanasan bilang thesis mentor, panel member at coordinator. Gayundin, ang mga panayam sa mga piling propesor sa iba't ibang state university and colleges (SUCs) sa kanilang mga ipinasang pananaliksik para sa iba't ibang baitang ng kanilang akademikong pagsasanay at gayundin din bilang thesis mentor, miyembro ng thesis panel o bilang tagasuri. Nilalayon ng papel na ito na magbigay ng mga mungkahi at gabay na naaayon sa layuning palawakin pa ang Pilipinisasyon bilang isang kilusang panlipunan sa pananaliksik.

**Ka-ugnay at Ka-isa sa Ginhawa: Konseptwal na Pagsusuri sa Therapeutic Alliance Gamit ang Pagdadala at Shared Reality Models**

John Robert C. Rilveria
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*

Isang konseptwal na pagsusuri tungkol sa Therapeutic Alliance (nakagiginhawang ugnayan sa pagitan ng client at therapist) ang binuo gamit ang Pagdadala at Shared Reality Models. Sa balangkas ng Pagdadala model, bago sumailalim sa therapy session, masasabing may kanya-kanyang dinadala ang client at therapist. Sila ay may dala-dalang katangian (personal characteristics), nakaraan (history), kalagayan (context) mga pasanin sa buhay (burdens), mga pinapahalagahan sa buhay (values), at mga layunin at inaasahan sa sarili at sa therapist (goals and expectations). Mahalagang masuri ang pagkakatugma at pagkakaiba ng mga dinadala ng client at therapist sa therapy. Sa pagsisimula ng therapy session, maaari rin maituring na pareho "dinadala" ng client at therapist ang kanilang ugnayan. Gayundin, may pagkakaiba o pagkakapareho ang "pagdadala" ng client at therapist sa kanilang ugnayan (ways of carrying the relationship). May iba't ibang uri ng paraan ng pagdadala ng ugnayan: kinikilala o tinatanggi; nahihirapan/mabigat magdala o nadadalian/magaan magdala; pinahahalagahan o pinababayaan; pinagdudahan o pinagkakatiwalaan; pinalalabnaw/pinabababaw o pinagtitibay/pinalalalim; pinagtutuonan o pinag-aalinlanganan; nagpapakatotoo/bukas ang sarili o nanlilinlang/sarado ang sarili. Ang mga nabanggit na paraan ng pagdadala ay may sinasaklaw na positibo at negatibong aspeto ng pagdadala ng ugnayan. Ang inaasahang "patutunguhan" ng kanilang dinadalang ugnayan ay kaginhawaan hindi lamang ng client pati na rin ng therapist. Masasalamin ang ginhawa sa katagumpayan bilang client o therapist (sense of achievement), paggaan ng dinadalang pasanin (alleviation of burdens), positibong ebalwasyon sa therapy (positive evaluation of therapy outcomes), paglawak ng kaalaman tungkol sa sarili (self-awareness), pag-unlad ng sarili (growth), at pagkaranas ng kaligayahan (happiness). Ang mga inaasahang "pagdadaanan" ng ugnayan na pwedeng maging hadlang o gabay sa kaginhawaan ay hango sa mga assumptions ng Shared Reality Model: pagkakatutulad o di-pagkakatulad (congruence/incongruence on carrying the relationship); pagkakasundo o di-pagkakasundo (agreement/disagreement on goals/objectives and expectations); magkasama o magkaibang pag-intindi ng nakaraan at kalagayan (shared/different understanding of clients' history and context); kaagapay o di-kaagapay sa pagdadala (co-burden/individual burden bearing) at pagtutugma o pagbabangga ng mga katangian at pinapahalagahan (compatibility/incompatibility of personal characteristics and values). Isang mahalagang argumento sa pagsusuring ito ay ang pagkamit ng "Shared Reality" sa pagitan ng client at therapist (tungkol sa kanilang mga pansariling katangian at karanasan at kung paano nila dinadala ang kanilang ugnayan sa isa't isa) na siyang maituturing na isang mahalagang sangkap patungo sa kaginhawaan. Mayroon itong implikasyon na kailangan muna "magka-isa" (e.g., pagkakatulad ng pagdadala ng ugnayan, pagkakasundo ng layunin at inaasahan, magkasamang pag-intindi ng karanasan at kalagayan, magkaagapay sa pagdadala ng pasanin, at pagtutugma ng katangian at pinapahalagahan) ang client at therapist upang mas mapahusay ang pagka-epektibo ng mga techniques at strategies na ginagawa sa therapy. Bukod dito, masasabi ring matagumpay ang therapy at tunay na nakagiginhawa ang ugnayan (therapeutic alliance) kung mayroon ding pagkaka-isa (shared reality) sa karanasan ng ginhawa ng client at therapist.

**Pagpapaka-ama: Isang Pagsusuri sa Filipino Single Fatherhood Gamit ang Pagdadala Model**

Maverick Tyrone B. Cai, Pauline R. Dulos, Donnabel T. Escabarte, Shanisse Kelsey Dawn C. Hernan, Tricia Marie C. Lepaopao, Sibyl Pearl L. Librea, Jan Kresler P. Magtibay, April Dawn Roselle B. Rubia, at Gecelle Grace Galenzoga-Diez

Ang karanasan ng *single fatherhood* ay unti-unting nagiging realidad para sa mas maraming tao sa mundo. Sa kabila nito, salat ang mga pag-aaral tungkol dito at nagkakaiba rin sa pokus at lawak. Gamit ang *transcendental phenomenology*, nilalarawan ng pag-aaral na ito ang mga karanasan ng mga Filipino *single father* upang mas liwanagin ang mga katangian ng anim na aspeto ng Pagdadala Model at makapag-ambag patungo sa mas ganap at kontekstwalisadong kaalaman. Sa pamamagitan ng *purposive sampling*, mayroong anim na mga Filipino *single father* na tumugon sa panawagan para sa mga kalahok na naka-*post* sa Facebook (ang mga kalahok ay nagmula sa Luzon, Visayas, o Mindanao, nasa edad na 26-52, nabalo o hiwalay, at dalawa hanggang 11 na taon nang *single parent* ng isa hanggang limang anak). Isang *semi-structured interview guide* batay sa mga aspeto ng Pagdadala Model ang binuo para magamit sa mga birtwal na isahang panayam na sinumulan ng impormal na pag-uusap bilang pakikisama. Ang nakalap na datos ay sinuri gamit ang *vivid descriptions* ng *modified Stevick-Colaizzi-Keen method of analysis* ni Moustakas. Ito ay isang *multi-step* na proseso kung saan tinutukoy ang *horizons* (o mga kaugnay na *verbatim* na pahayag) at *invariant constituents* (o mga kakaibang pahayag) bago ito ginawang *cluster* ng mga tema upang maibuo bilang *individual* at *composite textural* at *structural* na mga *description*. Isang *textural-structural description* ang nagsilbing sintesis ng dalawang *composite description*. Natuklasan sa pag-aaral na ginagampanan nila ang kanilang papel na may pagpapahalaga sa kanilang mga tungkulin; nilalaan nila ang kanilang oras para sa kanilang mga anak at sa pagsusustento sa kanila. Ang *single fatherhood* ay nakikita bilang isang mapaglagong proseso ng pagpapaunlad ng sarili at ng emosyonal na pakikipag-ugnay sa kanilang mga anak habang nagsusumikap silang maging mas mabuting magulang. Ang kanilang mga kapamilya at kaibigan ang nagsisilbing pangunahing pinagmumulan nila ng suporta. Nakapagbawas ng kanilang pag-aalala sa paghati ng kanilang oras sa pagitan ng kanilang mga tungkulin ang pandemya dahil mas nakakasama na nila ang kanilang mga anak kaysa noon. Ang pag-aaral na ito ay may mga implikasyon sa lokal na karanasan ng mga *single father* sa gitna ng umiiral na pananaliksik, sa pagsulong ng mga polisiyang makakapagsuporta sa kanila, at sa kanilang kapasidad na maging mas bukas sa mas malusog na pagpapahayag ng kanilang pagkalalaki. Ang ideya ng pagpapakalalaki ay laging tumitimbang sa isip ng mga lalaki; ngunit habang ginagampanan nila ang papel ng ina, natututuhan nila ang diwa ng *pagpapaka-ama*.

## 2E MGA KARANASAN AT PAGPAPAKAHULUGAN SA KASARIAN

### Ang Kategorya ay Drag Realness: Ang Isinabuhay na Karanasan ng mga Pilipinong Drag Queen

Nigel Ryle Z. Penales
*Pamantasang Normal ng Pilipinas*

Sa mga nagdaang dekada, ang penomenon ng drag ay nakatanggap ng makabuluhang atensyon. Ang drag ay karaniwang itinuturing na isang porma ng sining. Isa itong pagtatanghal na kakatwa, kakaiba, may istilo, at karaniwang ginagawang sekswal para sa komedya. Ang kasalukuyang pag-aaral ay naglalayon na pag-aralan ang mga
karanasan at mga *insight* ng mga drag queen, o mga nagtatanghal sa larangan ng drag. Gumagamit ang akda ng kwalitatibong metod sa pagsasaliksik, at nakaayon sa penomenolohiya. Anim (6) na GBQ (Gay Bisexual, Queer) na naga-*identify* at nagtatrabaho bilang drag queen ang kinalap upang makapanayam gamit ang *snowball sampling*. Ang panayam tungkol sa kanilang mga karanasan at *insight* ay nirecord, at ginamit bilang datos. Gamit ang *manual coding*, ang mga datos ay pinangkat sa mga tema. Ang mga resulta ay nagpapakita na ang mga *queer* ay patuloy na naghahanap ng kanilang lugar sa mundo, at ang drag ay nagbibigay ng pakiramdam ng pagkabilang na kanilang hinahanap. Ang drag ay nagiging daan para makalahok sila sa isang sining na nag-uugnay sa kanila sa mga taong may kahalintulad na interes at karanasan. Ang sining na ito ay nagiging daan para sa pagpapahayag ng kanilang mga personal na interes at politikal na paniniwala. Tumatayo rin ito bilang *protective mechanism* na tumutulong sa kanilang kalusugang sikolohikal. Binibigyan ng drag ng oportunidad na maka-*cope* sa *stress, anxiety*, at depresyon, mapagtibay ang kanilang sekswalidad, mapagbuti ang kanilang *emotional intelligence*, at mapagtibay ang kanilang sarili at ang kanilang komunidad.

Mga Keyword: Drag, LGBTQ+ Mental Health, Performance Art, Counseling Strategies for Gender Non-conforming individuals

**"Gusto Ko Lang Gumalaw Nang Malaya": Pagpapakahulugan ng mga Pilipinong LGBTQ+ sa Pagsasarili sa Katawan (Bodily Autonomy)**

Beatriz A. Torre, Marby Villaceran, Sabrina Gacad, at Amos Manlangit
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*

Ang pagsasarili sa katawan o bodily autonomy, na tumutukoy sa karapatang magpasya nang malaya tungkol sa sariling katawan, ay tinuturing na mahalagang bahagi ng pagkamit sa karapatang sekswal at reproduktibo (Thanenthiran, 2018; Gacad, 2020). Bagamat may pagkilala na ang mga karapatang ito ay para sa lahat, nananatiling limitado ang serbisyo at suporta upang makamit ito ng ibang mga sektor, kasama ang komunidad na LGBTQ+ (Logie, 2021). Ang kasalukuyang pag-aaral ay pagsisiyasat sa pagpapakahulugan ng mga Pilipinong LGBTQ+ sa pagsasarili sa katawan gamit ang datos mula sa isang serye ng anim na online workshop na arts-based kasama ang mga Pilipinong LGBTQ+ na isinagawa bilang bahagi ng isang mas malaking proyekto tungkol sa karapatang sekswal at reproduktibo. Nagsagawa ako ng thematic analysis ng mga diskusyon at isinulat na repleksyon at naratibo ng mga kalahok gamit ang mga balangkas ng minority stress theory (Meyer, 2007) at intersectionality (Cole, 2009). Deskriptibong inilalahad ang mga nakitang tema sa (1) pagpapakahulugan ng mga kalahok sa pagsasarili sa katawan, kasama ang kahalagahan ng consent sa relasyong sekswal, kalayaang ipahayag ang tunay na sarili, at paglaya mula sa panghuhusga at pagpapahiya; at (2) mga hamon sa pagkamit ng pagsasarili sa katawan, kasama ang paghihigpit mula sa lipunang heteronormatibo at impluwensiya ng estigma sa kalusugang pangkaisipan at pagpapasiya sa katawan. Batay sa aking mga natuklasan, tinatalakay ko ang ilang rekomendasyon para sa patuloy na pagpapalawak ng mga diskurso at adbokasiya tungkol sa pagsasarili sa katawan upang maging mas ingklusibo sa mga indibidwal na LGBTQ+.

**Ang Teleserye ng Totoong Buhay at ang Buhay ng Totoong Teleserye: Pagsipat sa Gahum ng Kababaihan sa Teleseryeng Wild Flower**

Marianne R. De Vera at Rommel V. Espejo
*Nueva Ecija University of Science and Technology*

Ang lumalawak na pagsasama-sama ng tao at ng lugar sa daigdig ay nagdulot sanga-sangang pagbabago sa usaping— ekonomiya, politika, kultura, edukasyon, midya at feminista. Ang lantarang pakikialam ng mga makapangyarihang at industriyalisadong bansa sa mga bansang mahihina ay lubos na ikinababahala ng ilang hindi sumasang-ayon sa globalisasyon. Apektado ang midya sa usaping globalisasyon. Nagagamit ang midya bilang instrumento sa pagsisiwalat ng katotohanan at maging sa paghahatid ng kasinungalingan. Marahil ang isang ikinababahala sa usaping globalisasyon ay ang mabilis at malawakang pagbabago sa larang ng edukasyon, politika, kultura, ekonomiya, at midya. Kung iisa-isahin ang mga konseptong nabanggit kung paano naapektuhan ang mga ito sa proseso ng globalisasyon, isang malawak at malalim na diskurso ang kakailanganin ng papel na ito. Pokus lamang ang mahalagang naging papel ng midyang telebisyon; ang madramang ganap sa politika ng kababaihan sa teleseryeng Wild Flower ng ABS-CBN 2. Sa pagsipat sa teleseryeng Wild Flower ng ABSN-CBN 2 magmumula ang batis ng diskurso sa konsepto ng lipunan, politika at Feminismo kung paano gumanap ang midya bilang isang larang ay naging lunsaran sa daloy ng iba't ibang anyo at paghuhulma sa gahum ng babae sa lipunan. Aalamin ang kapangyarihan ng midya kung paano nito naipakita ang pag-iral ng Feminismo sa palabas.

## 2F-SYMPOSIUM: DISKURSO, PRAKTIKA, AT POLITIKA NG KAHULUGAN AT KATAUHAN SA SALIMBAYAN NG SIKOLOHIYANG PILIPINO AT ARALING PANGMIDYA

**Midya bilang Talaytayang Afektibo-Diskursibo: Ang Diskurso ng "Dalamhati" sa Kaso ng mga Filipinang Domestic Helper sa Hong Kong, sa Bintanang Kanilang Nililinis, at sa Kanilang Pagkamatay**

Alwin C. Aguirre
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*

Inilalatag ng papel ang bisa ng lente ng praktikang afektibo-diskursibo ("affective-discursive practice") na binalangkas ni Wetherell (2012) sa pagsusuri sa midya hindi lamang bilang tagapaghatid ng mga tekstong emosyonal ngunit daluyan mismo ng emosyonal na posibilidad na may kapasidad na buksan o limitahan ang espasyo at hangganan ng ating katauhan (being). Gamit ang ilang sipi ng mga balita sa pahayagang Ingles sa Hong Kong noong 2016 at ilang halimbawa ng mga post sa social media ng

isang samahan ng mga employer ng FDH (foreign domestic helper) sa naturang bansa ukol sa kaso ng mga Filipinang domestic helper na namatay matapos mahulog sa gusali habang naglilinis ng bintana, layunin kong ipakita kung paanong ang "dalamhati," sa partikular, ay hindi lamang damdaming personal na inihahain ng iba't ibang media form at format, kundi isang espasyong ontolohikal na nagsisilbing posibilidad ng pagkatao at pakikipagkapwa-tao.

**Sa Anggulo ng Balita: Panimulang Pagsusuri sa Diskurso ng Katatagan sa Broadcast News Media**

Ma. Ivy A. Claudio
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*

Ayon kay Divya McMillin (2007), ang mga paksa na may kinalaman sa mga manonood ang isa sa mga hindi napagtutuunan ng pansin sa media studies lalong-lalo na sa mga bansa na hindi Kanluranin. Dagdag pa dito ay ang patuloy na pag-angat sa quantitative methods bilang paraan ng pagkalap ng datos sa pagsasaliksik ukol sa mga manonood. Ang mga ganitong kakulangan ay nabanggit na rin ng mga lokal na manunulat at kritiko na tulad nila Bienvenido Lumbera (2011) at Galileo Zafra (2010).

Susubukan ng papel na ito na buksan ang diskusyon ng panonood at manonood sa kontemporaryong panahon. Sino na nga ba ang makabagong Pilipinong manonood? Ano ang naging kontribusyon ng teknolohiya ng streaming at ng pandemic sa ating mga gawi, kilos, at pagtingin tungkol sa mga manonood at sa proseso ng panonood?

Gagamitin ng papel na ito ang panonood bilang isang panimulang konsepto sa pananaliksik na may lapit at lapat sa pang-araw-araw na buhay ng mga Filipino. Kadalasan, ang salitang Ingles na watching ay nagpapahayag ng pasibong pagkonsumo sa mga produkto ng media. Kaiba dito ang panonood dahil ito ay ginagawa natin ng may malay at may kamalayan at kadalasan ay bahagi din ng ating pang-araw-araw na diskurso at sumasalamin din sa pulitikal at kultural na buhay ng mga Pilipino.

**"Panonood" bilang Panimulang Konsepto sa Pag-aaral ng mga Pilipinong Manonood**

Cherish Aileen A. Brillon
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*

Ang disaster resilience ay isa sa mga mahahalagang konsepto at adhikain na nakapaloob sa DRR framework. "Bounce back" at "build back better" ang ilan sa mga salita na ginagamit sa international DRR framework na may kinalaman sa disaster resilience. Bahagi ito sa mga sinusulong ng international frameworks, halimbawa, ang resilience ang isa sa mga pangunahing panawagan ng Hyogo Framework 2005-2015: Building the resilience of nations and communities to disasters na pinirmahan ng 168 na bansa kasama na ang Pilipinas. Samantala, ang Filipino resilience ay madalas namang bahagi ng anggulo ng mga balita sa radyo at telebisyon tuwing nagkakaroon ng disaster sa bansa. Malaki ang kinalaman ng anggulo ng balita tungkol sa disaster sa pagbuo ng representasyon sa media ng Filipino resilience, halimbawa - ang mga kwento ng mga nasalanta at ang kanilang pagbangon, ang pagiging masayahin pagkatapos ng unos, at iba pang imahen ng Pilipinong biktima ng sakuna.

Ang presentasyong ito ay isang panimulang pagtingin sa diskurso ng katatagan o resilience sa news media. Ayon kina Hechanova, et al, ang salitang katatagan ang pinakamalapit na salita sa Pilipino na katumbas ng resilience. Paghahambingin ang konsepto ng resilience mula sa tatlong magkakaibang lente - (1) ano nga ba ang konsepto ng katatagan batay sa mga pag-aaral na isinagawa na sa kontekstong Pilipino? (2) sa kasalukuyang umiiral na framework ng disaster risk reduction (DRR), paano naman tinitingnan ang resilience? At (3) sa balita, ano nga ba ang naratibo ng Filipino resiliency?

Layunin ng presentasyon na intindihin ang konsepto ng angulo ng balita mula sa isang maka-Pilipinong oryentasyon gamit ang perspektiba ng Sikolohiyang Pilipino. Maaaring ihalintulad ang pag-aanggulo sa konsepto ng framing na isa sa mga kilalaang teorya sa media at komunikasyon lalo na sa pag-aaral ng news o balita. Naniniwala ang pag–aaral na maaaring palalimin at palawakin ang pag-intindi sa anggulo ng balita kung ilalapat ito sa kontekstong Pilipino. Makakatulong ang pag-uugat at paghahambing ng konsepto ng resilience mula sa iba't ibang lente para maintindihan (panimula) ang diskurso ng katatagan sa broadcast news media. Bagama't naiba na ang papel ng balita sa usapin ng gatekeeping ng impormasyon sa kasalukuyan, mahalaga ang ambag ng pag-aaral sa media lalo pa't kung ilulugar ito sa kultura, lipunan, at sikolohiyang Pilipino.

**Identidad Nangibabaw sa Tatlong Sayaw**

Rommel V. Espejo
*Nueva Ecija University of Science and Technology*

Naging anyo ng papuri at pagdiriwang ng mga bayan at lungsod sa Pilipinas ang pagkakaroon ng sariling festival kung saan isinasagawa ito sa pamamagitan ng isang sayaw, dula o kilos na nagpapakilanlan sa kanilang lipi o pangkat. Sa kasalukuyan, nagiging tulay ang sayaw o pagtatanghal upang ipakilala ang pananampalataya, pagbubuklod, kultura, at identidad ng isang bayan. Sa iba't ibang anyo at mukha ng pagdiriwang, karaniwang sinasalamin ng sayaw ang kultura at identidad ng isang lipunan sa pamamagitan ng street dancing o katutubong sayaw.

Ang Pilipinas ay etnograpikong bansa. Ang pagkakahiwa-hiwalay ng bawat bayan at lalawigan sa Luzon, Visayas, at Mindanaw ay nagdulot ng hindi mabilang na kultura at tradisyon na nagpapakilanlan sa bawat pook o lugar. Isa ang sayaw na itinatanghal ng mga mamamayan ng bayan o lalawigan na masining na naglalantad sa inaakong identidad at kultura ng bawat isa. Tulad ng Dinagyang ng Iloilo, Sinulog ng Cebu, Kadayawan ng Dabaw, Pagibang Damara ng San Jose, Nueva Ecija, Pandawan ng Pantabangan, Lapay Bantigue ng Masbate, Dulansangan ng Llanera, Nueva Ecija, at Kuntaw ng Mindanaw. Ilan lamang ito sa mga pagtatanghal sa mga lugar sa Pilipinas na ang kanilang sayaw ay sumasalamin sa kanilang sariling pagkakakilanlan. Sa gayon, kung instrumental ang sayaw ng mga bayan sa pagbabahagi ng kanilang identidad, mahalaga ang mga pag-aaral o sanaysay para sa pagdukal ng kultura at identidad ng isang lipunan o bayan upang maipakilala ang natatanging kulturang ito sa iba. Dahil marami nang naisagawang pag-aaral tungkol sa ugnayan ng festival, relihiyon, at kasaysayan ng ating bansa at kakaunti pa lamang ang mga pag-aaral na sumesentro sa sayaw bilang representasyon ng kultura at identidad ng isang pangkat. Sa ganang ito, mahalaga ang kontribusyon ng papel na ito sa pagpapahalaga sa mga tungkuling ginagampanan ng mga sayaw o pagtatanghal sa pagpapakilala ng kultura at identididad ng isang lipunan o pangkat. Ayon kay Mabaquiao (2007), ang ating kultura ay maituturing na pinakakongkretong palatandaan ng ating pambansang identidad, kung kaya gumagawa tayo ng mga paraan upang mapanatili ang integridad ng ating kultura. Dagdag pa niya, makabuluhanng gumawa tayo ng mga hakbang upang mabawi natin ang ating pambansang kasarinlan, tulad ng ginawa ng ating mga bayani noong nakaraan. Subalit kung ang ating pambansang identidad mismo ang maglalaho, tuluyan nang mawawalan ng saysay ang ating pambansang kasarinlan. Ngunit lubos ang paniniwala ni Nuncio (2004) na hindi mawawala o maglalaho ang identidad ng isang tao. Ayon sa kanya, nalilikha at hinuhubog ang identidad ng mga pwersang pisikal at di-pisikal, tuwiran at di-tuwiran. Dagdag pa niya, ang proseso ng paglikha at pahubog ay nangyayari sa mahabang panahon at sa isang lugar kung kaya't mahalagang salik ng pang-unawa nito ang pag-aaral ng kasaysayan, sapagkat nasa pagtakbo ng panahon ang saysay ay salaysay ng pagbuo ng identidad.

Samakatuwid, patuloy ang pag-ako ng bawat indibidwal sa kanyang identidad bilang mamamayan ng lipunan. Ang mga pwersang nakapaikot sa kanyang paglago bilang tao ay mga mahahalagang bagay na dapat niyang bigyan ng pansin sapagkat nakatutulong ito sa pagpapahayag ng sariling identidad at pagkakakilanlan. Ang pwersang pagsali niya sa sayaw na nagpapakilala sa kaniyang identidad ay patunay na kinikilala niya ang kanyang malalim na kultura at pinahahalagahan ito. Sa gawaing ito, unti –unti niyang niyayakap ang kanyang kultura habang binubuo niya ang kaniyang pagkatao sa lipunang kanyang kinabibilangan.

**Ang Pagkakakilanlan ng Tausug at ang Mapagbukod na Karakter ng Pagkapilipino**

Sterling V. Herrera Shaw
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*

Ang pagkakakilanlang Pilipino ay kadalasang nagsisilbi bilang gamit sa pang-aapi sa iba't ibang mga etnikong minorya sa Pilipinas. Mas nakikita ito sa pagtingin natin ng mga pamamaraan ng pagtuturo ng kasaysayan sa Pilipinas. Ang papel na ito ay isang case study na naghihimay ng pagkakakilanlan ng mga Tausug at ang pagsasalungat nito sa mga naratibo ng "Pagkapilipino" na inilalahad sa mga paaralan. Binubukod ng mga naratibong ito ang kasaysayan ng mga Tausug at inilalarawan ang mga Tausug sa hindi kaaya-ayang pamamaraan. Dahil sa mga naratibong ito, mali ang pagkakakilala ng karamihan ng Pilipino sa mga Tausug, kasama na rito ang iba pang hindi kristyano. Ang makabagong

identidad ng mga Tausug ay nabuo sa patuloy na pang-aabuso ng estado at patuloy na pang-aapi ng karamihang Pilipino. Kasama sa makabagong identidad nila ay ang pagsusuot ng hijab, isang makahulugang paraan upang maipakita ang kanilang identidad bilang Muslim, pati na rin ang pag-aarmas upang labanan ang pang-aabuso ng estado. Ang Pagkakakilanlan ng Tausug ay nakalatag sa dalawang bagay; sa islam at sa pagtatanggol mula sa ilang siglong pagsalakay ng mga dayuhan. Ang lahat ng ito ay salungat sa kung paano pinag-uusapan ang "Pagkapilipino" sa mga teksbook. Ang nasyonal na identidad ng Pilipinas at ang kasaysayan nito ay dapat maging mapagbuklod sa iba't ibang kultura sa Pilipinas at iangat ang ugnayan ng mga kultura sa Pilipinas sa halip na pag-usapan ang mga pananakop ng mga dayuhan.

**Ang Talinhaga ng Kolektibong Hindi-Malay ng mga Pilipino: Isang Diskursibing Sikoanalitik na Pagbasa sa Mga Alamat at Mito ni Bernardo Carpio**

Gabriel C. Pascua at Jonathan Robert A. Ilagan
*Pamantasang Ateneo de Manila*

Nilalayong tugunan ng papel na ito ang isang masalimuot na tanong para sa buong tradisyon ng Sikolohiyang Pilipino: paano natin masasabing sikolohiyang mapagpalaya ang tradisyon ng Sikolohiyang Pilipino kung hindi nito papangahasang magsaliksik sa mga tanikalang hindi-malay ng diwang F/Pilipino na siyang nag-uugat sa kolonyal na danas ng mga Pilipino na ramdam pa rin hanggang sa kasalukuyan? Sisipatin sa papel na ito ang isang partikular na panitikang mitolohikal na umusbong sa panahong kolonyal ng mga Kastila—ang mga alamat at mito ni Bernardio Carpio—upang makapagbigay kaalaman sa kung paano hindi-malay na hinuhubog at maaaring patuloy na hinuhubog ng mga arketipong babakasin sa mga sisipating teksto ang diwang F/Pilipino. Gagamitin ang sikoanalitik na pagsusuring pangdiskurso sa pagbakas ng mga temang sikoanalitik na ginagabayan ng teoryang *positioning* sa tatlong piling teksto na mayroong kaugnayan sa alamat at mito ni Bernardo Carpio: *Hari-sa-Boqued, Historia Famosa ni Bernardo Carpio*, at *El Filibusterismo*. Magsisilbing muhon ang pagsusuring ito sa paunang pagdadalumat ng naratibo ni Bernardo Carpio bilang talinhaga para sa pag-intindi sa partikular na aspeto ng kalagayang pulitikal ng Pilipinas: ang ugnayan sa pagitan ng masang Pilipino at ng mga tanyag na tao sa larangang pulitikal noong panahong kolonyal at sa kasalukuyan.

Mula sa isinagawang pagsusuri sa mga nasabing teksto, mayroong masisipat na transpormasyon sa imaheng arketipo ng isang makisig na bayani na hinihirang na tagapagligtas ng pamayanan. Sa *Hari-sa-Boqued*, nagsisilbing amain ng pamayanan ang Hari na nagparusa sa kaniyang mga nasasakupan dahil sa kanilang sala na siyang kumakatawan sa dinamikong pyudal noong panahon na kumalat ang salaysay na ito.

Sa *Historia Famosa ni Bernardo Carpio*, mas nabigyang pansin dito ang tunggaliang pangloob ni Bernardo Carpio dulot ng kaniyang kakulangan sa tunay na aruga ng kaniyang mga magulang na nawalay sa kaniya noong bata pa siya. Sa *El Filibusterismo*, masisipat na dito ang mitolohikal na pagpopook kay Bernardo Carpio bilang hinihirayang tagapagligtas ng mga Tagalog kapag nakalaya siya mula sa kaniyang mga tanikala. Mula rito, masisipat ang kahalagahan at kabuluhan ng arketipong imahen ni Bernardo Carpio sa pakikibaka ng mga unang Pilipino laban sa rehimeng kolonyal gaya na lang ng kilusang Katipunan. Bunga nito, maaaring gamitin ang arketipong Bernardo Carpio sa pagpuna sa kasalukuyang pagpopook ng masang Pilipino kaugnay ng iba't ibang mga tanyag na tao sa larangang pulitikal sa kanilang tila ba paghahanap ng modernong Bernardo Carpio na maglulutas sa mga kasalukuyang suliraning kinakaharap ng bayang Pilipinas.

## 3B MGA HAMON SA EDUKASYON

**Edu-Aksyon. Ang Distansya ng mga Mahihirap sa Distance Learning sa Panahon ng Pandemya**

Catherine C. Cocabo at Billy N. De Guzman
*Unibersidad ng Santo Tomas*

Sinasandalan ng mga mahihirap na pamilyang Pilipino ang edukasyon bilang pangunahing pangangailangan upang makaalis sa kahirapan. Sa panahon ng pandemya, ang paniniwalang ito ay nagbigay ng pagsubok sa mahihirap na mga pamilya. Ang pananaliksik na ito ay tumugon sa distansya ng mga mahihirap sa pagkamit ng edukasyon sa panahon ng pandemya. Pangunahing sinagot sa pananaliksik na ito ang kahandaan ng mga mahihirap na pamilyang Pilipino sa paparating na distance

learning. Dahil sa isyu ng covid habang sinusulat ang pananaliksik na ito, isinaalang-alang ng mga mananaliksik pagsusuot ng face mask, face shield, at paggamit ng alkohol. Gamit ang purposive sampling ay naging maayos ang pagkuha ng mga nakapanayam na mga guro, bahagi ng gobyerno, at mahihirap na pamilya. Dito umikot ang paglalatag ng mga datos na siyang magbibigay kasagutan sa mga tiyak na suliranin sa pananaliksik.

**Ground Zero: Ang Mga Ano at Bakit ng mga Mag-aaral ng UP Clark sa Panahon ng Pandemya**

Rosanne G. Echivarre, Eden H. Terol, Cristabel F. Tiangco, Bryan Q. Engay, at Rosanne Bernad
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*

Tila panandaliang tumigil ang mundo noong kasagsagan ng pandemya subalit kalaunan, kinailangang ipagpatuloy ang mga dating ginagawa kagaya ng paghatid ng edukasyon sa kabataan. Ang COVID-19 ay nakaapekto sa iba't ibang aspeto ng mga magaaral —sa pangangatawan, pangkaisipan, pangemosyonal, pakikitungo sa iba, at sa paggalaw. Kumalap ng baseline data sa 56 na mga estudyante ng UP Clark upang malaman ang kanilang kalagayan at karanasan. Gagamitin ang datos para sa pagbuo ng isang programang mangangalaga sa kalusugang pangkaisipan na tumutugon sa mga pangangailan ng mga mag-aaral at nagbibigay suporta sa kanilang pagkatuto sa kabila ng maraming pagsubok na hinaharap. Ang mga kalahok ay edad 18 hanggang 23 at karamihan ay mga babae (68%) at kasapi sa programang Applied Psychology (57%). Matapos ipaliwanag ang layunin ng pag-aaral at ang pagbigay ng informed consent ng mga kalahok, sila ay sumagot ng sarbey na may mga pangungusap na ginamitan ng iskalang minarkahan kung "totoong-totoo" na naglalarawan sa sarili o kaya'y "hinding-hindi totoo". Maliban dito, may mga katanungan din ukol sa mga naranasang pagsubok, kanilang mga ginagawa upang mapangalagaan ang sarili, tulong na hiningi mula sa iba, at ang mga tulong na kailangan pa nila. Halos lahat ay nagpahiwatig na naapektuhan ng pandemya ang kanilang pag-aaral sa iba't-ibang kaparaanan. May mga kalahok na may karamdamang pisikal o kaya ay karamdamang pangkaisipan. May mga nahihirapan sa pagbalanse ng pag-aaral at paggawa ng mga responsibilidad sa pamilya at sa pagtratrabaho. May mga madalas na nakakaramdam ng mga malakas at negatibong emosyon kagaya ng pangamba, pagkalungkot, at pakiramdam na walang kasiguraduhan ang kinabukasan. May mga nagsabi na parang sila ay nag-iisa. May mga may suliranin sa pera at hindi makabili ng mga gamit na kailangan para sa online learning. May mga nahihirapan sa dami at bigat ng trabaho sa paaralan. Sa kabilang dako, may mga ginagawa ang mga kalahok upang alagaan ang sarili gaya ng pagkain at pagtulog ng tama, pagkakaroon ng malilibangan, pakikisalamuha sa pamilya at mga kaibigan, pag-aalaga ng mga hayop, at maayos na paglaan ng panahon sa mga gawain. Humihingi rin ng tulong ang mga kalahok sa iba, kagaya ng suportang moral o pinansiyal. Mula sa datos, nakita namin na maraming mga landas sa pangangalaga sa kaisipang pangkalusugan. Hindi lamang mga interbensiyong sikolohikal na bigay ng mga propesyonal (na kadalasan ay tugong reaktibo) ang dapat na nasa programa. Kinakailangang din ng tulong pinansiyal, suportang pangakademiko, pagkaroon ng mga grupong nagbibigay suporta, at pakikipagtulungan ng pamilya at komunidad. Samatuwid, sa isang systems approach dapat nakaangkla. Sa karagdagan, masasabi rin mula sa datos na ang mga kalahok ay may kapasidad na ipamalas ang kanilang ahensiya at may mga mapagkukunan ng kalakasan sa panahon ng kahirapan. Isa itong pagpapaalala na maaaring pagaanin ang karanasan ng stress, maski matindi ito, kung may mga mitigating factors o protective factors. Mainam na pagtuunan ng pansin ang pagpapatibay at pagpaparami ng protective factors na ito.

**Kwento at Naratibo ng mga Estudyanteng Correspondence ng PUP**

Lorraine Charmayne S. Manansala, Rimando E. Felicia, Airavie Austria, at Maria Corazon Constantino
*Polytechnic University of the Philippines*

Upang angkupan ang COVID 19 pandemic, sinikap ng mga institusyon sa edukasyon na magbalangkas ng mga alternatibong pamamaraan ng pag-aaral at maiwasan ang pagkadiskaril ng mga klase sa gitna ng napakapanghamong sitwasyon. Sa state university na tulad ng Polytechnic University of the Philippines, isinagawa ang Flextel mode of learning na may dalawang daluyan –1) online learning, 2) modular learning na tinawad ding correspondence mode. Itong huli (modular) ay inilaan para sa mga estudyanteng limitado ang kakayahan at rekurso para sa online technology. Sa mga nakaraan, ang mga modular students ay inaasahang wala o minimal ang kontak sa kanilang titser at inaasahang magsasagawa ng kanilang sariling pag-aaral at pagtatasa batay sa modyul na ipapadala sa kanila sa koreo. Sa kanila (mga estudyante sa modular o correspondence mode) nakapatungkol ang pag-aaral na ito.

Sinaliksik ang paksang ito sa pamamagitan ng survey upang makita ang pangkalahatang socio-demographic profile ng mga modular students. Sa lente ng narrative-discursive na pag-usisa, nagsagawa ng mga focused group discussions (FGD) at pakikipanayam upang 1) madalumat ang mga naratibo, kwento, anekdota ng mga modular learning students, gayundin ng kanilang mga guro. Layon ng pananaliksik na tingnan ang pangkalahatang kalagayan ng mga modular students sa pag-asang makahanap ng mga reporma, proyekto at programa na maaring ipanukala sa mga kinauukulan.

## 3C-KALIGTASAN AT KAGINHAWAHAN

### Baguio Bilang Ligtas na Lungsod: Mga Pananaw ng mga Residente sa Krimen at Kaligtasan

Rozel S. Balmores-Paulino
*Unibersidad ng Pilipinas Baguio*

Ang pag-aaral na ito ay nag-imbestiga sa kaligtasan ng Baguio City batay sa pananaw ng 564 na residente. Ang pamamaraan na ginamit para sa pangongolekta ng datos ay ang pangangasiwa ng isang online na survey na binubuo ng apat na seksyon: a. pangunahing demograpikong impormasyon tungkol sa respondent; b. Perceptions of Crime Survey na inangkop mula sa University of Sydney; c. Personal Safety (P-SAFE) Scale na inakda ni Stylianos Syropoulos (ang P-SAFE ay binubuo ng tatlong subscale—takot sa krimen, kumpiyansa sa kaligtasan at pakiramdam ng kaligtasan); at d. bukas na mga tanong tungkol sa kaligtasan. Ang nangingibabaw na pananaw ng mga residente tungkol sa Baguio City ay mula sa neutral hanggang sa mas positibong paninindigan. Ang mga karaniwang problemang naobserbahan sa karamihan ng mga lungsod tulad ng graffiti, paggamit ng droga, maingay at/o istorbo na kapitbahay, paninira, mga taong hina-harass dahil sa kulay ng kanilang balat, etnikong pinagmulan o relihiyon, mga tinedyer na tumatambay sa kalye at umiinom, maingay na pag-uugali sa kalye, at ang mga tao sa mabilis na mga sasakyan ay itinuturing ng karamihan ng mga kalahok bilang mga maliliit na problema o hindi isang problema. Kapansin-pansin, gayunpaman, na ang pagiging biktima ng cybercrime o online na pang-aabuso ay lumilitaw na isang lumalagong pangamba sa mga respondent. Ang mga partikular na tugon kaugnay ng kanilang pag-aalala tungkol sa krimen, ay ang target hardening at pag-iwas. Ang pangkalahatang mga marka ng mga kalahok sa Personal Safety Scale ay naglalarawan ng isang katamtamang posibilidad na makatagpo ng pagbabanta o krimen, isang medyo mababang katiyakan sa kanilang kakayahang hadlangan ang banta ngunit gayunpaman, isang medyo mataas na pakiramdam ng pagiging ligtas. Ang pakiramdam ng takot at ang pakiramdam ng kawalan ng kapanatagan ay tila na-trigger ng pagkakaroon ng mga social deviants, ang kawalan ng unipormadong tauhan, at ang "madilim" at "masikip" na mga lugar. Samantala, ang mga salik na nagpapaligtas sa mga tao ay kinabibilangan ng pagkakaroon ng maaasahang puwersa ng pulisya at mga opisyal ng barangay, isang positibong kapitbahayan, ang pagsasama ng pamilya, mga kaibigan, at mga alagang hayop, ang pagkakaroon ng maliwanag na mga kalye at mga personal na hakbang sa seguridad, ang seguridad sa kanilang mga tahanan, kaalaman sa mga kasanayan sa pagtatanggol sa sarili, at espirituwal na paniniwala. Ang pagiging isang lungsod na madaling lakarin at ang kabaitan at pagiging disente ng mga tao nito ay naiugnay sa kaligtasan ng Baguio. Sa pangkalahatan, ang Baguio City ay tinitingnan ng mga respondent bilang isang ligtas na lugar na tirahan.

### Pagbuo at Pagpapatibay ng Safe Spaces Attitude Scale (SSAS)

Rochelle T. Fernandez-Pascual at Alyzza Louize V. Malibiran
*Miriam College*

Ang School-related gender-based violence (SRGBV) ay isa sa pangunahing suliranin ng mga paaralan sa loob at labas ng bansa. Ayon sa UNESCO, umaabot sa 246 milyong bata ang nakararanas nito sa buong mundo. Kasabay ng mga nai-ulat sa mga panitikan at balita, patuloy ang pag-daing ng mga Filipinong mag-aaral sa social media para sa pagkakaroon ng mas ligtas na kalagayan sa mga paaralan laban sa SRGBV. Bilang tugon, ang saliksik na ito ay naglalayong mas mapaigting ang kaligtasan at seguridad ng mga mag-aaral laban sa SRGBV sa pamamagitan ng pag-linang ng panukat ng saloobin ng mga guro ukol sa Safe Spaces. Ang bungang panukat ay makatutulong sa pagsala sa mga guro na nais magturo sa institusyon at maaring gawing batayan ng mga susunod na programang pang-unlad. Ang saliksik na ito ay nagbatay sa limang hakbang na proseso ng pag-debelop ng panukat ni Kyriazos and Stalikas (2018). Ang mga aytem ay pinaunlad ng mga paksang Kaisipan (Cognitive), Damdamin (Affective), at Kaugalian (Behavioral) sa Safe Spaces. Ang pagsusuri ng unang salin ng Safe Spaces Attitude Scale (SSAS) ay nilahukan ng 102 guro mula sa Pambansang Punong Rehiyon. Nagbunga ang

saliksik ng pinal na salin ng Safe Spaces Attitude Scale (SSAS) na balido at relayabol batay sa statistika, ito ay may 87 na aytem na Guttman Scale.

**Paggalugad ng mga Danas sa Katarungang Panlipunan Pagpapayo ng mga Piling Pilipinong Tagapayo sa Paaralan**

Alyzza Louize V. Malibiran at Aurora Buenaventura-Fulgencio
*Miriam College*

Nakakaranas ng paghihirap ang mga kabataang Pilipinong mag-aaral dahil sa kanilang *biopsychosocial background*, na nagbibigay-diin sa pangangailangan ng mga tagapayo sa paaralan na isulong ang mga mag-aaral kapag sila ay napasailalim sa mga mahihirap na posisyon. Layunin ng pag-aaral na itong tuklasin ang karanasan sa Katarungang Panlipunan Pagpapayo ng mga piling Pilipinong tagapayo sa paaralan sa pamamagitan ng pagtingin sa mga kawalang katarungang panlipunan ng mga mag-aaral, ang kanilang mga interbensyon, at ang mga erya ng pagpapahusay upang pagtibayin ang mga pagsisikap sa mga interbensyon. Sa pamamagitan ng mga malalim na panayam sa 22 tagapayo sa paaralan, lumitaw na ang mga Pilipinong mag-aaral ay nakakaranas ng Kahirapan, Karahasan, Mga Epekto ng Problema sa Kalusugang Pangkaisipan, Pagkiling at Diskriminasyon, at Magulong Pamilya. Tinugunan ito ng mga Pilipinong tagapayo sa pamamagitan ng Pagbibigay-kapangyarihan sa mga nawalan ng kapangyarihan, Pagsusulong para sa mga mardyinalisado, Pagpapantay sa mga kawalang-katarungang panlipunan ayon sa batas, at Pagbabago ng mga hamon patungo sa mga oportunidad sa adbokasi. Ibinahagi ng mga kalahok na ang kanilang interbensyon ay maaaring palakasin sa pamamagitan ng Pagsuporta sa kanilang propesyonal na pag-unlad, Pagkilala muli sa kanilang sarili at sa mga estudyante, Pagpapatindi ng mga kolaboratibong gawain, at Pagpapagaan ng mga suliranin sa adbokasiy. Sa pamamagitan ng mga natuklasang ito at ang mga rekomendasyon para sa personal at propesyonal na kagalingan ng mga tagapayo sa paaralan, ang pag-aaral na ito ay umaasa na maiangat ang mahalagang tungkulin ng mga tagapayo sa paaralan sa pagsuporta sa mga batang Pilipinong mag-aaral sa gitna ng kanilang sariling pakikibaka upang itaguyod ang kanilang propesyon.

**Moderasyon ng Parent External Hope sa Relasyon ng Internal Hope at Well-being**

Justin Vianey M. Embalsado
*Angeles University Foundation*
John Ian Wilzon Dizon,
*Hong Kong University*
Jonee Miranda
Reymond Neal Cruz
*Angeles University Foundation*

Ang mga pananaliksik sa Locus-of-hope ay binigyan pansin ang direktang epekto at moderasyon ng iba't ibang locus of hope sa mga psychological resources at well-being. May pagkukulang sa literatura sa kaalaman sa interaskyon ng bawat locus-of-hope. Iminumungkahi ng pananaliksik at konseptwalisasyon na ang mga psychological resources tulad hope ay may positibong epekto o interaskyon. Kung saan nagagawa ng mga ito na palaguin ang epekto ng bawat isa upang makaranas ng mastaas na well-being. Sa aming pag-aaral, iminumungkahi namin na ang moderasyon ng parental external hope sa relasyon ng internal hope at well-being (social, psychological, emotional). 316 na kalahok (edad 21-79) mula isang lalawigan sa Gitnang Luzon ang nakakumpleto ng locus of hope and well-being scales. Ginamit namin ang SPSS process macro model 1 para sa pagsusuri ng moderasyon. Sinuportahan ng resulta ng aming pananaliksik ang pag-moderate ng parent external hope. Sa partikular, ang mataas na antas ng parent external hope ay may posibilidad ay maaring makabawas sa epekto ng internal hope sa well-being. Habang ang mas mababang parent external hope ay nagdudulot ng masmataas na internal hope at well-being. Ang mga resulta sa psychological, social, at emotional well-being at nagpapakita ng makakahalintulad na pattern. Iminumungkahi ng aming mga natuklasan na ang iba't ibang locus -of-hope ay maaaring magkaroon ng iba't ibang epekto na nauugnay sa konteksto ng lipunan at kultura. Ang aming pag-aaral ay naglalaman ng iba't ibang kabatiran upang maunawaan ang ugnayan ng mga locus-of-hope sa paglinang ng well-being.

## 3D-RELIHIYON AT ESPIRITWALIDAD

**Iba-iba Ngunit Pareho: Ang Fundamentalismo ng mga Kristyanong Grupo sa Pilipinas**

Darren E. Dumaop
*Pamantasang De La Salle*

Sa kasalukuyan, ipinapalagay na ang Fundamentalismo ay makitid na paniniwala tungkol sa pagkarelihiyoso. Inaasahan na dahil may iba-ibang paniniwala ang mga grupong panrelihiyon, magkakaroon din ang mga ito ng partikular na uri ng Fundamentalismo. Sinubok sa kasalukuyang pag-aaral ang pagkakaiba-iba ng Fundamentalismo sa hanay ng mga grupong Kristyano sa Pilipinas. Tatlong daan at aninapu't anim na Kristyanong kolehiyo mula sa iba't-ibang lugar sa Pilipinas ang sumali sa pag-aaral. Sumagot sila sa isang online questionnaire kung saan sinukat ang antas ng kanilang Fundamentalismo batay sa tatlong motivasyon nito: katotohanan, moralidad, at pagiging kasapi ng relihiyon. Hinati ang mga grupo ng relihiyon batay sa panlipunang kasaysayan at teolohiya ng mga ito: (1) mga Romano Katoliko, (2) mga Protestante (i.e., Mainline, Evangelical, Born-Again, Baptist, Pentecostal) at di-Romanong Katoliko (e.g., Aglipay), at (3) mga Restorasyunista (e.g., Iglesia Ni Cristo, Latter-Day Saints, Seventh-Day Adventist). Sa tatlong grupo, pinaka matindi ang Fundamentalismo ng mga Restorasyunista, na sinusundan ng mga Protestante at di-Romanong Katoliko. Lahat ng grupo ay may matinding Fundamentalismo sa moralidad at katotohanan. Sa tatlong grupo, ang mga Restorasyunista ang may pinaka matinding Fundamentalismo sa pagiging kasapi ng relihiyon na may antas na di naiiba sa moralidad. Sa isang banda, naipakita sa pag-aaral na ito na may pare-parehong pattern ng Fundamentalismo ng mga Kristyanong Pilipino mula sa iba-ibang grupo. Subalit, naipakita rin na may grupong mas fundamentalista kaysa iba at may uri ng Fundamentalismo na mas kapansin-pansin sa ilang partikular na grupo. Mahalaga ang pag-aaral na ito sa pag-unawa ng pagkarelihiyoso ng mga Pilipino at sa papel nito sa kanilang pagkatao at lipunan.

### Pagtanggap sa Fake News: May Kinalaman ba ang Pagsuportang Politikal at ang Religious Fundamentalism?

Kiana Lois Dotullo, Nicolas B. Medenilla III, Maria Margareth M. Geluz, at Monica Renee Policarpio
*Pamantasang De La Salle*

May mga pag-aaral na nagpapakita na ang religious fundamentalism (RF) ay may kinalaman sa pagtanggap ng fake news. Ang RF ay nag-eendorso ng ideolohiya ng consistency at epistemic na katiyakan o kawalan ng pagdududa sa naitalagang kaalaman. Ito ay nagsisilbing kognitibong panangga na tumatalima sa konserbatismo, pangangailangan sa kaayusan, at pagpabor sa katiyakan o sa mga inaasahan. Ang pagtangkilik sa kaisipan ng RF ay may maaaring makaimpluwensiya kung paano ipoposisyon ang sarili hindi lamang tungkol sa isyung panlipunan kundi pati na rin sa kanilang kuru-kuro sa mga impormasyong may politikal na nilalaman. Gayunman, ang mga kanluraning pag-aaral ay tumutukoy sa partisanship o grupo ng mga politiko. Ngunit ito ay hindi tumutugma sa mga Pilipino na ang masigasig na pagsuporta ay hindi sa grupo, kundi sa mga politikal na mga personalidad o mga indibidwal. Nilalayon ng pag-aaral na ito na mailahad kung may kinalaman nga ba ang pagsuportang politikal at ang religious fundamentalism. Sa quasi-experiment na ito, titingnan namin kung may kinalaman ang RF at ang pagsuporta sa politikal na personalidad o grupo (partisanship) sa pagsuri ng accuracy ng mga balita. Maipapakita ang epekto ng pagtanggap o hindi pagtanggap sa fake news kung maipapakita sa statistical analysis ang two-way interaction effect sa News Stimuli Political Support (NS PS pro-LR vs NS PS anti-LR) at News Stimuli News Accuracy (NS NA pro-LR vs NS NA anti-LR). Maipapakita na may pagtangkilik sa fake news na naaayon sa pagsuporta sa political personalidad kung may three-way interaction effect kabilang ang Self-Report Political Support (SR PS pro-LR vs SR PS anti-LR). Maipapakita ang katungkulan ng RF kung may istadistikal na pag-predict nito sa perceived accuracy habang kasabay sa statistical model ang nasabing two at/o three-way interaction. Mangangalap kami ng hindi bababa sa 330 na mga Pilipinong naninirahan sa Pilipinas ng anim na taon o higit pa.

### Buhay Karanasan ng mga Albularyong Nanggagamot ng Sapi

Jan Mikhail A. Mengullo, Vanessa O. Platon, at Princess Regine M. Sicat
*National University*

Sa pagyabong ng ating kaalaman sa ating kontemporaryong lipunan, lalo na sa paglaganap ng makabagong medisina, hindi maikakaila na higit na marami ang mas naniniwala sa makabagong panggagamot kaysa sa tradisyunal dahil ang unang nabanggit ay pinaniniwalaang batay sa siyentipikong kaalaman samantalang ang ikalawa naman ay batay sa katutubong karanasan at hindi agarang naipapaliwanag ng siyensya. Gayunpaman, mayroon pa ring mga naniniwala at gumagamit ng tradisyonal na panggagamot at humihingi ng tulong sa mga *albularyo* lalo na kapag sila ay

nakakaranas ng *sapi*. Layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang buhay karanasan ng mga albularyong nanggagamot ng sapi, at sagutin ang katanungang "Ano ang mga buhay karanasan ng mga albularyong nanggagamot ng may sapi?" Ginamit ang interpretative *phenomenological analysis* upang bigyang-kahulugan ang karanasan ng mga kalahok sa pag-aaral na ito. Sa pamamagitan ng purposive at snowball sampling, natukoy ang mga kalahok at malalim na panayam ang isinagawa upang makakalap ng datos. Walong manggagamot na may karanasan sa panggagamot ng sapi nang hindi bababa sa tatlong taon ang naging kalahok sa pag-aaral na ito. Apat na pangunahing tema ang nabuo batay sa mga impormasyong kanilang nakalap, at ito ay (1) nagpapatibay ng sariling kakayahan (2) nagpapalakas ng pananampalataya (3) nagpapakita ng koneksyon sa lipunan (4) nagpapakilala sa pinanggalingan ng kakayahan.

## 3E-SYMPOSIUM: MGA KWALITATIBONG PANANALIKSIK SA SIKOLOHIYA NG HABAMBUHAY NA PAG-UNLAD

Mayaman at malawak ang mga paksa at metodo ng pananaliksik na maaaring gamitin sa pag-aaral ng pag-unlad, at malaki ang ambag ng mga kwalitatibong metodo sa pagpapayaman ng pag-unawa sa mga karanasan at pagpapakahulugan sa iba't-ibang yugto ng buhay. Tatalakayin sa unang dalawang paglalahad (Capulong at Parcon) ang paggamit ng obserbasyon sa konteksto ng mas malaking mga pag-aaral tungo sa pagpapayaman at pagpapalalim ng mga kwantitatibong pagsusuri tungkol sa pag-unlad ng mga bata. Sa paglalahad ni Capulong, tatalakayin ang naturalistic na obserbasyon tungkol sa interaksyon ng bata at magulang habang gumagamit ng touchscreen at panayam sa mga ina tungkol sa gawi, motibasyon, at atityud sa paggamit ng touchscreen device ng kanilang mga anak. Si Parcon naman ay maglalahad ng detalye ng mga obserbasyon na nakapaloob sa mas structured na konteksto ng kanyang pag-aaral ng empathy at pagtulong ng mga bata. Sa dalawang susunod na mga papel naman (Fornillos & Orillaza at Coronel & Ochoa), pagtutuunan ng pansin ang paggamit ng naratibong pakikipagpanayam tungo sa pag-unawa ng pagpapakahulugan sa adulthood. Ilalahad nina Fornillos at Orillaza ang pagtatasa ng mga nakatatandang may diabetes-related lower limb amputation sa kanilang buhay mula sa mga panayam na may mga katanungang hango sa life story interview ni McAdams (1995). Sa huling pag-aaral nina Coronel at Ochoa naman, tatalakayin ang isang makabagong pamamaraan sa pagsasagawa ng naratibong pakikipagpanayam gamit ang interaktibong visual board sa pananaliksik tungkol sa pagbubuo-identidad ng mga emerging adult. Mula sa samu't saring mga paglalahad na ito, layon ng sesyong mapalawak ang pagkaunawa sa mga kwalitatibong metodo sa pag-aaral ng pag-unlad sa iba't ibang yugto ng buhay, lalo na sa mga paraan ng pag-aangkop ng metodo sa mga layunin, kalahok, at konteksto ng pananaliksik.

### Skip Ads Atbp: Ang Interaksyon ng mga Bata at Magulang sa Paggamit ng Tablet at Smartphone at ang Implikasyon Nito sa Pag-unlad ng Bata

Annalyn De Guzman Capulong
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*

Ang pag-aaral na ito, na parte ng isang tatlong-bahaging pananaliksik tungkol sa epekto ng paggamit ng touchscreen sa pag-unlad ng bata, ay naglalayong suriin ang kwalitatibong interaksyon sa pagitan ng mga bata at magulang habang gumagamit ng tablet o smartphone. Apat na pares ng mag-iina ang napiling lumahok sa pag-aaral. Ang bawat pares ay binuo ng ina at ang kanyang anak na may edad na 20 hanggang 45 buwan at madalas o hindi madalas gumamit ng gadget. Ang pagpili ng mga kalahok ay ayon sa criteria at analisis ng datos na nagmula sa ikalawang bahagi ng malakihang pananaliksik. Ang bawat pares ay inobserbahan (gamit ang naturalistic observation) ng dalawang beses sa kani-kanilang bahay upang suriin ang proseso ng interaksyon sa pagitan ng ina at bata habang gumagamit ng touchscreen device. Ang bawat obserbasyon ay tumagal ng 30 minuto kada bisita (hindi pa kasama rito ang panahon na ginugol sa pakikipagpalagayang loob sa bata bago simulan ang obserbasyon). Ang mga ina ay isa-isa ring kinapanayam upang alamin ang kanilang mga gawi, motibasyon at atityud ukol sa paggamit ng touchscreen ng kanilang mga anak at anu-anong mga media mediation strategy ang kanilang ginagamit. Ang datos mula sa home observation ay sinuri gamit ang content analysis samantalang ang datos ng panamayan sa mga ina ay sinuri naman gamit ang thematic analysis. Pinakita sa resulta ng home observation na wala halos pagkakaiba-iba ang mga ginagawa ng bata sa touchscreen dahil nakatuon lamang ang kanilang atensyon sa panonood ng mga programa. Ang mga ina ng toddler (25-42 buwan) ay intensyonal na hindi nakilahok sa kanilang mga anak sa paggamit ng device samantalang ang mga ina ng infant (6-24 buwan) ay nakilahok o tumabi sa kanilang mga anak habang gumagamit ng device upang masubaybayan ang mga ito. Ipinakita naman sa resulta ng

panayam sa mga ina na ang pangunahing benepisyo ng paggamit ng touchscreen sa mga bata ay upang matuto ang mga ito at ang pangunahing benepisyo naman sa magulang ay upang makatrabaho o makagawa ng mga gawaing bahay. Inilahad din ng mga ina ang nakikita nilang mga suliranin sa paggamit ng touchscreen. Gumagamit ang mga ina ng iba't-ibang mediation strategy katulad ng restrictive mediation, technical safety guidance, co-use, at diversionary mediation. At huli, ang mga ina ay mayroon ding positibong pananaw ukol sa paggamit ng touchscreen sa kabila ng mga ipinahayag na agam-agam, sagabal at disbentahe. Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay nagbigay diin sa kahalagahan ng pagsusuri ng konteksto ng paggamit ng touchscreen upang lubusang maunawaan ang pag-unlad ng bata. Binigyang diin din nito ang mahalagang papel ng mga magulang sa pag-unlad ng bata sa konteksto ng paggamit ng touchscreen sa panahon ng digital age.

**Obserbasyon sa Emosyon at Kilos Kaugnay sa Pagtulong at Di-Pagtulong ng mga Bata na may Edad na 3-6 Na Taong Gulang**

Apryl Mae C. Parcon
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*

Ang affective empathy ay sinukat sa pamamagitan ng paghambing ng pagkakapareho kung saan sinukat kung gaano naging kapareho ang emosyon ng mga bata sa kanilang pinapanood na karakter. Ang cognitive empathy naman ay sinukat sa pamamagitan ng maikling panayam sa mga bata sa kung gaano nila naiintindihan ang mga emosyon ng karakter ng kanilang pinapanood. Ang kilos-pagtulong naman ay sinukat sa reaksyon ng mga bata kapag nakakita sila ng taong nasaktan. Sinuri muli ang mga datos mula sa unang pag-aaral na ito, at muling tiningnan ang mga obserbasyon at inanalisa ang mga kilos at emosyon ng 30 batang may pinakamataas na prosocial behavior scores at 30 batang may pinakamababang prosocial behavior scores. Sa obserbasyon sa kilos mga batang di tumulong, kapansin-pansin ang pag-iwas ng kanilang mga mata mula sa taong nangangailangan ng tulong. Bukod sa pag-iwas sa pagtingin sa taong nangangailangan ng tulong, napansin din na madalas nagugulat at di kumikilos ang mga bata. Ang iba naman ay nililihis ang atensyon sa pamamagitan ng pagkwento ng mga bagay na hindi kaugnay sa sitwasyon. Kung aanalisahin naman ang kanilang affective empathy, marami sa kanila ay hindi nagpapakita ng pag-iba sa kanilang emosyon ayon sa emosyon ng kanilang pinapanood (masaya man ito o malungkot). Marami ay nakapokus sa video, ngunit di ito nagbabago. Sa cognitive empathy naman, madalas ay kaya nilang tukuyin kung ano ang emosyon ng karakter, ngunit ang paliwanag ay naka-sentro sa kanilang mga karanasan at hindi sa karanasan ng karakter na kanilang pinanood. Ibang-iba naman ang kilos ng mga batang tumutulong. Mabilis silang tumingin sa taong nangangailangan ng tulong, at sa bahagi ng katawan kung saan nasaktan ang taong nangangailangan ng tulong. Ilan sa mga pagtulong na ginawa nila ay: pagkumusta sa kalagayan ng taong nangangailangan ng tulong, pagpapalakas ng loob, pagmodelo kung paano di na muling masaktan, pagbigay ng physical comfort (e.g., kiss, hug, blowing, rub), pagbigay ng verbal comfort, pagmungkahi ng iba-ibang paraan upang maginhawaan mula sa sakit, at paglibang sa nasaktan sa pamamagitan ng kwento. Sa affective empathy naman, kitang-kita ang pagbabago ng emosyon ng mga bata batay sa emosyon ng karakter na kanilang pinapanood. Kumportable nila naipapakita ang kanilang emosyon. Sa cognitive empathy, mas malalim ang pagkakaintindi nila sa mga emosyon ng karakter na kanilang napanood. Naipapaliwanag nila ang sitwasyon sa likod ng bawat emosyon ng karakter. Ang implikasyon ng pagsusuri ay muling tiningnan upang makatulong at makapagbigay mungkahi sa pag-intindi sa mga bata na may edad na 3-6 taong gulang lalo na sa kanilang social at cognitive development.

**Pagsisiyasat sa mga Salaysay na Isinasabuhay Nila: Mga Kwentong-Buhay ng mga Nakatatandang Nakaranas ng Diabetes-Related Lower Limb Amputation**

Jholyan Francis S. Fornillos
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman & Unibersidad ng Pilipinas Los Baños*
Louella Barra Orillaza
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*

Ang bahaging ito ng tesis ng pangunahing may-akda ay naglalayon na alamin kung paano tinatasa ng mga older persons with diabetes-related lower limb amputation ang kanilang mga buhay sa kabuuan. Isang semi-structured na pakikipanayam ang pangunahing metodo ng pagkalap ng datos mula sa mga kalahok. Ang proseso ng pakikipagpanayam at ang mga katanungan ay hango sa McAdams' (1995) life story interview, ngunit ang mga tanong ay dinisensyo ng pangunahing may-akda upang maiangkop na sa mga layunin at konteksto ng kasalukuyang pananaliksik. Mula sa pag-aaral, napag-alaman na sa kabila ng mga sala-salabit na paghihirap na kanilang pinagdaanan, naniniwala pa rin

ang mga kalahok na ang kanilang mga buhay ay naging makabuluhan. Sa pamamagitan ng paghabi ng mga kwento ng pagtanggap o acceptance stories, nagkaroon ang mga kalahok ng pagkakataon na magmuling-ayos ng kanilang mga karanasan sa nakaraan, palawigin ang kanilang mga pang-unawa, at makapagbigay ng bago at may saysay na kahulugan sa kanilang mga buhay. Kaalinsunod nito ay nagkaroon sila ng mapayapa at marangal na pagyakap sa buhay na kanilang tinahak at sa kamatayang kanilang hinihintay.

**Pagsusuri ng Makabagong Metodo sa Pag-aaral ng Pagbubuo-Identidad: Karanasan mula sa Pananaliksik tungkol sa mga Pilipinong Emerging Adult**

Maria Clarissa A. Coronel at Danielle P. Ochoa
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*

Mahalagang usapin sa sikolohiya ng pag-unlad ang pagbuo ng identidad, at layunin ng paglalahad na itong talakayin at suriin ang isang makabagong metodo sa pag-aaral ng prosesong ito. Dalawa sa mga kilalang teorya, na may partikular na mga standardized na metodong ginagamit, ang Identity Status (Marcia, 1966, 1988, 1993) at Narrative Identity (McAdams, 1988, 2001). Bagamat malaki ang naging ambag ng mga ito sa pag-unawa sa pagbuo ng identidad, may mga limitasyon ding dala ang paggamit ng mga standardized na metodo sa pag-unawa ng isang masalimuot at napaka personal na proseso. Mula sa pagkilala ng mga limitasyong ito, iniangkop ko ang mga nasabing teorya sa isang mas bukas o flexible na naratibong balangkas upang bigyang-pansin ang mga proseso ng pagbuo-identidad at kontekstwal na detalye sa landas ng ilang mga Pilipinong nakararanas ng emerging adulthood (EA). Sa paggamit ng ganitong pamamaraan, binibigyang-pansin ang istruktura at kontekstwal na mga boses ng indibidwal na mga kwento upang ipakita ang mga pinagdaanang mga opsyong identidad at mga tungkuling pang-adult (Willig, 2013; Esin, 2011; Esin, Fathi & Squire, 2014). Binigyang pokus sa pananaliksik na ito ang pagbuo ng identidad ng ilang mga nakararanas ng emerging adulthood (EA) na may edad na 20-29. Habambuhay man nating inaatupag ang pagbuo ng ating mga identidad, lalo itong matingkad sa mga nakararanas ng emerging adulthood (EA) sa gitna ng mga napapanahon at makasaysayang pangyayari katulad ng pandemya. Bagamat sila'y nasa edad nang maituring na "adult", hindi pa ito ganap sa kanilang identidad o tungkulin (Arnett, 2000).

## 3F-SYMPOSIUM: ANG PAGGAMIT NG MGA KATUTUBONG METODO NG PANANALIKSIK SA MGA SIKOLOHIKAL NA LATHALAIN: ISANG SCOPING REVIEW

Sa symposium na ito, ilalahad ng mga tagapagsalita ang resulta ng isinagawang scoping review ng mga empirikal na artikulong gumamit ng mga katutubong metodo ng pananaliksik tulad ng Pagtatanung-Tanong, Pakikipagkuwentuhan, at Ginabayang Talakayan. Matapos ang maikling pagsasakunteksto ng metodong ginamit sa scoping review, magkakaroon ng magkakahiwalay na paglalahad sa mga makabuluhang resulta ng rebyu. Sa unang papel, ilalahad ang mga naging obserbasyon sa paggamit at pag-uulat ng mga katutubong metodo. Sa ikalawang paglalahad, pagtutuunan ng pansin ang profiles ng mga mananaliksik at kalahok at mga kalikasan ng mga naging paksa ng mga pananaliksik. Sa ikatlong paglalahad, tatasahin ang mga artikulo ayon sa pagsunod sa mga pamantayan ng mala-kapwang pananaliksik. Huli, magbibigay ng mga rekumnedasyon sa pagpapahusay ng scholarship sa katutubong pananaliksik sa Sikolohiyang Pilipino.

**Ang Paggamit at Pag-uulat ng Katutubong Metodo sa Pananaliksik: Isang Pagsusuri sa Umiiral na Kalakaran sa mga Lathalaing Sikolohikal**

Ma. Contesa C. Pagulayan at Marc Raymond C. Perez
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*

Sa paglalahad na ito, pinagtuunan ang praktis sa paggamit at pag-uulat ng mga katutubong metodo. Napag-alaman na karamihan ng mga pananaliksik ay nagtambal ng pakikipagkwentuhan at pagtatanong-tanong sa mga ginamit na pamamaraan sa pananaliksik. Kaunti lamang ang gumamit ng Ginabayang Talakayan. Bagamat iniulat na kadalasa'y ginagamit ang mga metodo sa pagkalap ng datos, may iilan na ginamit ang Pagtatanung-Tanong at/o Pakikipagkuwentuhan para sa ibang layunin: halimbawa, bilang istratehiya sa pag-abot sa pakikipagpalagayang-loob o kaya'y paghahanap ng kalahok. Napag-alaman rin na may kawalan ng masusing pagdedetalye sa naging proseso ng pagkalap at pagsusuri ng datos ang karamihan ng mga nirebyung aritkulo. Tatasahin ang natagpuang praktis sa paggamit at pag-uulat ng mga katutubong metodo sa konteksto ng mga pamantayan ng katutubong pananaliksik at kasalukuyang reporting practices.

Susing salita: pagtatanung-tanong; pakikipagkuwentuhan; reporting practices; Sikolohiyang Pilipino

**Tungkol Saan at Para Kanino ang Katutubong Pananaliksik sa Sikolohiyang Pilipino?**

Geselle C. Manguiat at Princess Lovella G. Maturan
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*

Sa paglalahad na ito, bibigyang pokus ang mga sumusunod na aspekto ng mga inilathalang pananaliksik na gumamit ng mga katutubong metodo: ang mga paksang pinagtuunan ng pansin ng mga papel at ang mga profile ng mga mananaliksik at kalahok. Napag-alaman na nakatuon ang mga pananaliksik sa iba't ibang mga makabuluhang kultural na paksa tulad ng: mga kaugalian at tradisyon; pamilya; edukasyon; kahirapan; at mga sakuna. HiigitHigit pa rito, ang mga kalahok sa mga pananaliksik na ito ay may pagbibigay-atensyon sa mga nasa laylayan, na madalas higit sa iisang lebel ng opresyon ang kinakaharap. Subalit nakita rin na karamihan ng mga pag-aaral ay nakatuon sa mga kalahok na mula sa Metro Manila at Luzon. Mangilan lamang ang galing sa Visayas at Mindanao. Ganito rin ang larawan ng mga mananaliksik. Tatalakayin ang mga implikasyon ng mga natagpuan ukol sa identidad at kalikasan ng katutubong pananaliksik sa Sikolohiyang Pilipino.

Susing salita: indigenous research methods; participants; sampling; researchers; culture; Sikolohiyang Pilipino

**Tungo sa Dekolonyal at Maka-Kapwang Pananaliksik: Ang mga Katutubong Metodo sa Sikolohiya sa Pilipinas**

Charmaine P. Galano
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*

Nang unang ipinanukala ni Virgilio Enriquez ang paggamit ng mga katutubong metodo sa pananaliksik sa sikolohiyang Pilipino, malinaw ang kanyang paninindigan: ang mga pamamaraan at metodong ito ay angkop sa konteksto at karanasang Pilipino dahil sa dekolonyal at maka-kapwa nitong katangian (Enriquez, 1992; Pe-Pua, 2005). Upang mailarawan kung nabibigyang katwiran ng mga pag-aaral ang dekolonyal na lapit, susuriin kung umaangkop ba ang mga ito sa paradigm ng katutubong pananaliksik. Upang matukoy kung sumusunod ang mga pag-aaral sa maka-kapwang pamantayan sa pananaliksik, ilalarawan ang (a) estado ng pag-uulat ng etika, (b) mga tema sa pagkamit ng makabuluhang relasyon sa pagitan ng mananaliksik at kalahok, at (c) mga tema sa pagtataguyod ng perspektibo ng kalahok. Kapansin-pansin na kaunti lamang (35.7% o 15 pag-aaral) ang nagtukoy ng research paradigm ng kanilang pananaliksik. Sampu (10) sa 15 pag-aaral na nabanggit ang kumilala sa kultural na kaangkupan at metodolohikal na kalamangan ng mga katutubong metodo. Sa aspeto ng etika, kulang sa kalahati (47.62% o 20 pag-aaral) ang nag-ulat ng detalye tungkol sa mga etikal na proseso. Sa mga ito, mayroong malawak na pagkakaiba sa pagsisinop ng detalye ng pag-uulat: may mga pag-aaral na 1-2 aspeto ng etika lamang ang binanggit, habang may iilan na kumpleto at masinsin ang paliwanag sa mga etikal na proseso. Ang paghingi ng informed consent at pagseguro sa confidentiality ang pinakamadalas na iulat. Sa kabilang banda, mayorya sa mga pag-aaral ang nag-ulat ng makabuluhang pagtutunguhan sa pagitan ng mananaliksik at kalahok (64.5% o 27 pag-aaral) at nagpakita ng pagpapahalaga sa perspektibo ng kalahok (90.5% o 38 pag-aaral). Naisasakatuparan ang makabuluhang relasyon ng mananaliksik at kalahok sa pamamagitan ng pagsusumikap na maabot ang pakikipagpalagayang-loob, pagkilala sa tunguhang ibang tao-hindi ibang tao, at pagkilala sa pagiging kapantay ng kalahok. Pinahahalagahan naman ang perspektibo ng mga kalahok sa pamamagitan ng pagtampok ng direktang sipi ng mga sagot ng kalahok at pagseguro na may aktibong papel ang kalahok sa iba't ibang yugto ng pananaliksik. Mula sa mga resultang ito, lilinawin ang kahulugan at papel ng pakikipagpalagayang-loob bilang pamantayan ng makabuluhang relasyon, at ilalatag ang mga rekomendasyon sa pagbubuo ng gabay at pamantayan sa tunay na maka-Pilipino at maka-kapwang pananaliksik.

Susing salita: katutubong metodo, pakikipagpalagayang-loob, maka-kapwang pananaliksik, Sikolohiyang Pilipino

**Mga Rekomendasyon sa Pagpapahusay ng Scholarship sa Katutubong Pananaliksik sa Sikolohiyang Pilipino**

Jay A. Yacat

Bunsod ng mga resulta ng isinagawang scoping review ng mga empirikal na lathalain, napag-alaman ang mga katangian ng isang prototipikal na lathalain. na gumamit ng mga katutubong metodo ng pananaliksik sa Sikolohiyang Pilipino. Napalitaw rin ang iland mga isyung kaugnay nito: mababang bilang ng mga nailathalang pananaliksik; Imitadong saklaw ng mga pag-aaral ayon sa katangian ng mga mananaliksik at kalahok; at ang mababang kalidad ng scholarship na naobserbahan sa karamihan ng mga pag-aaral. Naglahad ng mga rekomendasyon kaugnay sa mga pamantayan sa pag-uulat na naglalayong lalong pahusayin ang scholarship sa paggamit at pag-uulat ng katutubong pananaliksik sa Sikolohiyang Pilipino

Mga susing salita: panukalang pamantayan; scholarship; katutubong pananaliksik; Sikolohiyang Pilipino

Center for Educational Measurement, Inc.

**THE TEST OF EXCELLENCE**

# VISION

CEM is a key player in the development of a coherent system of assessment and research in education where:

- students are aware of and achieve their potential
- teachers use information about student competencies to improve student learning
- administrators use research information for school improvement
- policymakers generate policy from valid and reliable data on the teaching-learning process

# MISSION

CEM's mission is to spread knowledge about the use of measurement and research for the improvement of education.

CEM's thrust is to help schools improve the quality of education by:

- utilizing assessment data to influence educational decisions
- developing and strengthening testing, research, and professional development programs and services for school improvement
- providing opportunities to integrate educational theory, research, and practice
- collaborating with national and international associations and institutions in educational assessment and research

**HEAD Office**
*33rd Floor Cityland Pasong Tamo Tower,*
*2210 Chino Roces Avenue, Makati City 1231*
Landline *+63 2 8813 3691 or +63 2 8813 3694 to 95*
Mobile *0999 221 2545 or 0999 221 2538*
Email *inquiry@cem-inc.org.ph*

**CEBU Branch**
*Suite 104 Arbor Ville, 308-A Osmeña Boulevard, Cebu City 6000*
Telefax *+63 32 256 3082*
Mobile *0999 221 2542 or 0999 221 2541*
Email *cem_cebu@cem-inc.org.ph*

**MAYAPIS Office**
*8279 Camachile cor. Mayapis Sts., San Antonio Village, Makati City*
Landline *+63 2 8804 214*
Mobile *0999 221 2553 or 0999 221 2610*
Email *cem_tas@cem-inc.org.ph*

**DAVAO Branch**
*Door 11, 2nd Floor, C. Villa Abrille & Sons Business Center*
*J.P. Laurel Avenue, Davao City, 8000 Davao del Sur*
Telefax *+63 82 226 4990*
Mobile *0999 221 2540 or 0999 221 2539*
Email *cem_davao@cem-inc.org.ph*

**www.cem-inc.org.ph**

*Realizing Dreams... Changing lives*

GOOD SHEPHERD PROFESSIONAL TRAINING SERVICES (GSPTS)

NATIONAL REVIEW CENTER FOR PSYCHOLOGY AND COUNSELING

RPsy, RPm, RGC

**Licensure Examination for Psychometricians February 2022**

**100% GSPTS PASSING RATE**

**Regional Offices**

- Manila
- Laoag
- Malolos
- Urdaneta
- Dasmarinas
- Cebu
- Iloilo
- Tuguegarao
- Tacloban
- Butuan
- Cotabato
- Tacurong

**Review Modes**

- Full Online
- Independent Study
- Face-to-Face Review

**Licensure Examination for Psychologists February 2022**

**GSPTS PASSING RATE 100%**

**Guidance Counselor Licensure Examination August 2022**

**89.37% GSPTS PASSING RATE**



**Rank 1**

**89.25%**

Ryan Michael Oducado, PhD, RN, RGC

**REVIEW PROGRAMS FOR:**

- Professional Teachers
- School Heads/ Principalship
- NAPOLCOM
- Criminologists
- Civil Service
- Midwives
- Nurses
- Agriculturists
- Guidance Counselors
- Psychometricians
- Psychologists
- Certified Public Accountants

email: gsptspsychology@gmail.com | Cel no. 0966-2633964



## KASAYSAYAN AT KATOTOHANAN


Prop. Emeritus Ma. Luisa T. Camagay, PhD

*Departamento ng Kasaysayan*

*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*




## SIKOLOHIYANG MAPAGPALAYA SA POLITIKAL NA DISIMPORMASYON


Asst. Prof. Diwa Malaya Quiñones, PhD

*Departamento ng Sikolohiya*

*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*




## PARALLEL PUBLIC SPHERE

**Ang Estado ng Philippine Disinformation Landscape sa Taong 202**


Assoc. Prof. Jonathan Corpus Ong, Ph

*Department of Communicati*

*University of Massachusetts Amhe*